# ULÓS

2007 HUNYO

Pangkulturang Dyornal ng Pambansa-Demokratikong Kilusan sa pangangasiwa ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas) sa pamamatnubay ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)




ANG BAWAT LIKHANG-SINING SA ISYUNG ITO NG ULOS AY MAAARING IPALAGANAP SA ANUMANG PARAAN O ANYO; ANG MGA AWIT, TULA, KWENTO, SANAYSAY AT SINING BISWAL AY MAAARING SIPIIN SA MGA PANUNURI AT ITANGHAL SA MGA PULONG-MASA AT MGA PAGTITIPON NG MGA REBOLUSYONARYONG PWERSA; MAAARING ISALIN SA IBANG WIKA AT ILATHALA SA MGA PUBLIKASYON NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN.

HINIHIKAYAT ANG LAHAT NG MGA KASAMA SA KANAYUNAN MAN O SA LUNSOD NA MAG-AMBAG NG KANILANG MGA AKDA AT IBA PANG LIKHANG SINING. ANUMANG MGA PUNA AT SUHESTYON AY MALUGOD NAMING TINATANGGAP SA DIWA NG IBAYO PANG PAGPAPAUNLAD SA ATING REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN.

# Nilalaman

**Pambungad**
4 Biguin ang mamamatay-tao, reaksyunaryo at pasistang rehimeng US-Arroyo!

**Sanaysay**
9 Kultura ng terorismo sa Human Security Act
*ni Justo Labrador*

12 Pangkulturang aspeto ng Oplan Bantay Laya
*ni Linda Madlangbayan*

25 Kulturang mapaniil, kontra-kulturang sinusupil
*ni Justo Labrador*

**Tula**
30 Nakita ko mismo
*ni Juan Victoria Segundo*

32 Hindi lamang ang ating dakilang panaginip ang gusto nilang paslangin
*ni Mario Mendoza*

35 Huwag kang matakot Inay
*ni Ka Judy*

36 Trigger
*ni Ka Em*

37 Gatilyo
*(salin ni Mario Mendoza)*

38 Mukha
*ni Silvia Madiaga*

40 Kapag nalalaglag ang hamog
*ni Ditan Dimase*

42 Desisyon
*ni Ditan Dimase*

44 Ang katapusang martsa sa hustisya
*ni Haring Ulipon*

45 Ang huling martsa para sa katarungan
*salin ni Sophia San Juan*

**MAIKLING KUWENTO**

46 Walang pinipili ang gumagapang na dilim
*ni Diego Emmanuel*

**DULA**

52 Katwiran
*Kolektibong likha ng isang grupong pangkultura sa Bikol*

**SULAT**

70 Ikaw na nawawala
*ni Pablo S. Guerra*

73 Pahayag ni Tomas Legislador Dominado Jr. hinggil sa pagdukot at pagkawala ng kanyang asawa na si Maria Luisa Posa at Nilo Arado

**KWENTONG KUSINA**

77 At nagsalita ang mga baril
*ni Ka Linda*

**AWIT**

81 Huwag mag-alala

# Pambungad




PAKSA SA ISYU ngayon ng ***Ulos*** ang lumalalang paglabag sa karapatang pantao at pampulitikang pamamaslang ng rehimeng US-Arroyo. Nagkakamukha ito sa patuloy na dumaraming desaparacidos, dinudukot at pinapaslang na mga hayag na lider sa iba't ibang larangan at organisasyong pangmasa, at higit sa lahat, sa todo-todong opensiba sa kanayunan ng mersenaryong Hukbong Sandatahan ng Pilipinas laban sa Bagong Hukbong Bayan.

Walang senyales na ititigil ito ng mamamatay-tao na rehimeng US-Arroyo, kahit binubulyawan at pinaaalalahanan na ito ng mamamayan sa loob ng ating bansa at maging ng buong daigdig.

Imbes na itigil at kumambyo, lalo pang minaniobra ng rehimeng US-Arroyo ang patakarang pumatay at

labagin ang karapatang pantao sa pamamagitan ng pagpapatupad sa Human Security Act na mas kilala sa tawag na Anti-Terrorism Law. Sanhi nito, binigyan pa ng pangil ang mga militar, death squad, vigilante, at mga grupong anti-komunista upang higit na maghasik ng lagim sa lungsod at kanayunan. Makikita ito sa kanilang Oplan Bantay Laya I at II kung saan pinag-iibayo nila ang sinimulang todong pananalakay sa mga piling gerilya ng Bagong Hukbong Bayan, paghahasik ng terorismong gawa ng estado laban sa rebolusyonaryong masa, at pagpapaigting sa kampanyang pamamaslang at panunupil sa mga aktibista at progresibong organisasyon at partidong ligal.

Kasabay ng pasistang pandarahas ng rehimeng US-Arroyo ang mga maka-pasistang propagandang panig at nagtataguyod sa kanilang interes. Ito ang binabaka at nilalaban ngayon sa isyu ng ***Ulos***.

Tinutugunan sa isyung ito ng ***Ulos*** ang masining at mapanlikhang gawaing patuloy na nagsusustini sa ahitasyon at diwang mapanlaban, ang paglalantad sa mga anti-komunistang propaganda at ideolohiya, at ang pagpapataas sa antas ng sumusulong na rebolusyong pangkultura na bahagi naman ng digmang bayan sa kanayunan.

Sa isyu ngayon, halos lahat ng likhang sining ay gawa/sulat mismo ng mga detenido pulitikal at ng mga pinaslang ng reaksyong gobyerno o kaya ay mula sa mga Hukbo. Kumbaga, buhay na buhay na karanasan ang nakalapat sa mga tula at kwento. Habang ginagawa nga ng mga editor ang isyung ito, binaril at pinaslang ang isang lider ng progresibong partylist na nagkataon naman na siya ang may-akda sa isang isinasalin naming tula tungkol din sa kasama niyang biktima ng pulitikang pamamaslang.

Sa tula namang "nakita ko mismo" ni Juan Victoria Segundo, ipinakita nang detalyado ang pagtortyur sa kanyang asawa na pilit hinihingian ng militar ng impormasyon. Ngunit matibay ang paninindigan ng asawa na huwag bumigay sa ganoong panggigipit.

Ang karahasan ng reaksyunaryong gobyerno ay higit pang pinatingkad ng tulang "Hindi lamang ang ating dakilang panaginip ang gusto nilang paslangin" ni Mario Mendoza. Kakaiba ang tula sapagkat ito ay panaginip ngunit ang panaginip ng persona ay totoong nangyayari sa buhay.

Samantala, ang mga tulang "Desisyon," at "kapag nalalaglag ang hamog" ni Ditan Dimase, "Ang Huling Martsa para sa Katarungan ni Haring Ulipon at ang mga sanaysay/sulat na "Ikaw na Nawawala" ni Pablo S. Guerra at "Pahayag ni Tomas Legislador Dominado Jr. Hinggil sa Pagdukot at Pagkawala ng Kanyang Asawa na si Maria Luisa Posa at Nilo Arado" at kwentong "Walang Pinipili ang Gumagapang na Dilim" ay nagpupuri at nagpaparangal sa mga kasama, mahal sa buhay at detenidong pulitikal na ikinulong, dinukot o pinaslang ng militar.

Sa tula namang "Huwag kang matakot Inay" ni Ka Judy at "Mukha" ni Sylvia Madiaga at sa awit na "Huwag Mag-alala", pinatatampok ang mapanlabang diwa at ang matibay na paninindigan kahit walang patumangga ang karahasan ng reaksyunaryong estado.

Sa tulang "trigger" ni Ka Em, ipinakita ang tagumpay ng taktikang opensiba ng Bagong Hukbong Bayanang mataas na pagkilos mismo na magpapabagsak sa rehimeng US-Arroyo. Kaugnay din dito ang dulang "Katwiran" na nagpapakita sa tagumpay ng masa sa pakikibakang agraryo at hatian sa lupa, kahit pa ang kanilang lider ay pinaslang ng militar.

Samantala, karamihan naman sa mga sanaysay ay nagkokontekstwalisa o naglalatag sa wastong pagtingin at pagsusuri sa ating panahon at kultura. Kabilang dito ang "Pangkulturang aspeto ng Oplan Bantay Laya II," "Kulturang mapaniil, kontra kulturang sinusupil", at ang "Kultura ng terorismo sa Human Security Act."

Sa isyung ito ng ***Ulos***, nakaambag sana kami sa gawain sa kultura kaugnay sa taktikal na tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan sa panahon ng Oplan Bantay Laya at pagpapatupad ng Human Security Act: ito ang pagpapaigting sa pakikidigmang gerilya, sa pagbabagsak sa papet at pasistang rehimen, at higit pang pagpapalawak at pagpapalakas ng armadong rebolusyon.

Isulong ang sining at kulturang may mapanlabang diwa!

Biguin ang reaksyunaryo at pasistang rehimeng US-Arroyo!

Paigtingin ang pakikidigmang gerilya sa kanayunan!

*Sanaysay*

# KULTURA NG TERORISMO SA HUMAN SECURITY ACT

***ni JUSTO LABRADOR***




Sa Hulyo 14, dalawang buwan makaraan ang halalan ng 2007, magkakabisa ang Republic Act No. 9372, higit na kilala bilang Human Security Act (HSA) o ang dating Anti-Terrorism Bill. Mistulang pagsunod sa *Patriot Act* ng Estados Unidos na ipinatupad makaraan ang pananalakay sa World Trade Center noong Setyembre 2001, isinabatas ng nakaraang Kongreso ang HSA sa pamamagitan pa ng ispesyal na sesyon.

Sa kabila ng malawakang pagtutol ng mamamayan sa loob at labas ng Kongreso, nananatili ang mababagsik na mga probisyon nito. Nariyan ang kakayahang silipin, siyasatin at agawin ang pananalapi sa bangko. Nariyan ang pagdakip at pagkulong ng walang

mandamyento-de-aresto. Pinahihintulutan din ang surbeylans o lihim na pagmanman tulad ng wiretapping sa telepono, cellphone at internet. Maaari ding agawin at ipasara ang anumang empresa tulad ng mga pasilidad sa midya.

Lubhang nakakabahala sa mga mamamahayag at artista, at sa lahat ng mamamayang nagmamahal sa kalayaang sibil, ang mga probisyong ito na nagbabalik ng mga kasangkapan ng batas militar. Kung tutuusin, hindi naman talaga bago ang mga ito, kundi nangyayari na sa aktuwal. Nariyan ang panghuhuli ng walang warrant, tulad ng nararanasan ng napakaraming biktimang desaparacidos na ang isa sa pinakahuli ay si Jonas Burgos. Noong nakaraang taon lamang, nagtanod ng militar sa diyaryong ***Tribune***. Bago pa nito naging tampok ang wiretapping ng ISAFP di lamang sa mga nakikibaka kundi mismo sa hanay nila na nagbabantayan sa kapwa nasa pamahalaan, tulad ng naganap sa iskandalong "Hello Garci." Ngunit ibayong binigyan ng pangil na ngipin at basbas na "ligal" ng HSA ang mababagsik na arsenal na dati nang ginagamit sa lumalabang mamamayan.

Malinaw na pangunahing target ng HSA ang rebolusyonaryong kilusang lihim, matapos mabigo ang sangkaterbang Oplan, Proklamasyon at Executive Order, makaraan lumantad ang malawakang demoralisasyon sa hanay ng reaksyonaryong hukbo at humihinang kakayahan nitong lumaban, at sa harap ng napipintong ibayong tagumpay na araw-araw nakakamit sa pamumuno ng Partido at Bagong Hukbong Bayan.

Banta din ang HSA sa sinumang nagnanais bumatikos at makibaka sa katiwalian sa gubyerno, negosyante o peryodista man siyang nais makialam, o simpleng mamamayang nagnanais maghayag sa kalsada. Ipinaiiral ang lantarang sensura na dulot ng panganib

na masarahan ng empresa o mawalan ng trabaho. Palalakasin nito ang paglikha ng kulturang hindi lamang sikil kundi takot, umiiwas sa realismong sosyal at samakatwid patuloy na magtataguyod ng sining na nagsisilbi sa naghaharing uri tulad ng eskapismo, pantasya at panlilinlang.

Kung tutuusin, ang kultura ng surbeylans na nililikha ng wire-tapping sa ilalim ng probisyon ng HSA ay kulturang pinasinaya na ng mga palabas tulad ng "Pinoy Big Brother", na tulad ng pinalaganap sa ibang bansa ng kumpanyang Endemol mula sa Netherlands ay nagpauso ng bahay ni kuya na napapaligiran ng two-way mirrors at nagbubukas ng lahat ng tahanan sa kasanayan ng paninilip.

Ngayon, si "kuya" na ay ang makapangyarihang Anti-Terrorism Council (ATC) na binubuo ng mga kalihim ng DND, DOJ, DILG, DFA at ng National Security Adviser at Executive Secretary na tagapangulo nito. Kalihiman ng ATC na ito ang National Intelligence Coordinating Agency (NICA). Walang iniba ang ATC sa Cabinet Oversight Committee on Internal Security (COCIS) sa ilalim ni dating Heneral Ermita na siyang nangasiwa sa pagpaslang sa halos isang libong aktibista't lider mula noong 2001.

Ibayong sama-samang pagkilos ng mamamayan ang magpapawalambisa sa HSA, sa anyo man ng tuwirang pagbalewala ng mga probisyon nito o ganap na pag-atras ng batas. Samantala, susi ang rebolusyonaryong sining sa paglikha ng kulturang mapanlaban at nakikibaka, sa patuloy na pagpapalaganap at pamumuno sa pagsagawa ng mga rebolusyonaryong akdang bumabatikos sa tumitinding karahasan ng rehimeng US-Arroyo, at sa pagtulong para ituro sa masa ng sambayanang Pilipino kung paano ibagsak ang militarisadong papet na burukrasya.



*mula sa* **Ang Bayan**

# Pangkulturang aspeto ng Oplan Bantay Laya II

***ni Linda Madlangbayan***

**Matagumpay na binigo ng rebolusyonaryong kilusan ang OBL I**

TAONG 2002 nagsimula ang pinakahuling National Internal Security Plan (NISP) na higit na kilala na Oplan Bantay Laya (OBL). Layunin nitong pigilan ang paglawak ng rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan sa loob ng unang taon na ipatutupad ito hanggang mapagpasya itong magapi sa susunod na apat na taon. Tinukoy nito ang prayoridad na labing tatlong erya sa pitong rehiyon. Pinalakas ang koordinasyon sa pagitan ng mga area command ng AFP at mga yunit ng gobyerno. Ginamit ang "*target research*" (pananaliksik na nakatuon sa mga indibidwal na target na papaslangin o dudukutin) bilang bagong oryentasyon sa operasyong paniktik. Sa kabuuan, nakapadron ang OBL sa "digma laban sa teror" ng imperyalismong US.

Ayon mismo sa pagtatasa ng AFP at rehimeng US-Arroyo, nabigo ang OBL dahil hindi nito nakamit ang pangunahing layunin. Naangkupan at pursigidong nilabanan ng BHB ang OBL habang patuloy na nag-oorganisa't nagpapalawak. Kaya nitong piliin at tukuyin kung kailan at saan ang mga labanan sa kanayunan. Ibinaling ng rehimeng US-Arroyo ang kanyang mga operasyong militar sa mga hindi armadong mamamayan: sa mga progresibong organisasyon at partylist, mga ligal

na personalidad, at maging sa mga regular na sibilyan sa komunidad. Mga kilos ito na nagpapakita ng matinding desperasyon, takot at kaduwagan ng rehimen na makipaglaban ng patas.

Sa muling pagkabigo na wasakin ang armadong kilusan at hindi armadong paglaban ng bayan, inilunsad ng pasistang rehimeng US-Arroyo ang Oplan Bantay Laya II (OBL II) sa pagbubukas ng taong 2007. Pilit na binabaluktot ng rehimeng US-Arroyo ang suhetibong epekto nang nalilikha nilang obhetibong kundisyon upang mapanatili ang sarili sa kapangyarihan. Bagamat higit na maiksi, higit na mapaminsala at ambisyoso ang OBL II. Kasabay ng higit na malawakang pandarahas at pamamaslang, masusing isinasaalang-alang nito ang aspetong pangkultura sa kanilang pananalakay at paghahasik ng takot, at paglalako ng alternatibong “kapayapaan at kaunlaran.” Kung tutuusin, ito ay walang pinagkaiba sa dahas at panlilinlang na eksperto na nilang pinaunlad nang mahabang karanasan sa interbensyong militar at agresyon ng imperyalistang US.

Masasabing ang tagumpay ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, rebolusyonaryong kilusan at ng lumalabang mamamayan sa pagbigo sa OBL I ay nakasandig sa di nagaping diwang mapanlaban,

| Rehimen | Pangalan ng OPlan | Layunin |
|---|---|---|
| Diktadurang Marcos | Katatagan (1980-85)<br>Mamamayan (1986) | Wasakin ang mga yunit gerilya ng NPA & imprastrakturang pampulitika(Bigo)<br>— pareho— (Bigo) |
| Aquino & Ramos | Lambat Bitag I,II,III,IV<br>Kaisaganaan (1987-98) | Istratehikong pagkatalo ng NPA (Bigo)<br>—pareho— (Bigo) |
| Estrada | Makabayan<br>Balanghai (1998-2001) | Pagkatalo ng NPA & MILF (Bigo)<br>—pareho— (Bigo) |
| Arroyo | Bantay Laya I (2002-06)<br>BantayLaya II (2007-10) | Istratehikong pagkatalo ng NPA (Bigo)<br>Istratehikong pagkatalo ng NPA (?) |



sustinidong pagkilos at mahusay na pamumuno ng Partido. Sa ilalim ng OBL II, patuloy itong hahamunin ng sagad-sagarang pasismo at mahusay na manipulasyon sa pamamagitan ng mga binalatkayong pain na programa, pasistang propaganda at reaksyunaryong batas upang higit pang malugmok sa kahirapan at pang-aapi ang mamamayang Pilipino.

**Layunin at partikular na katangian ng OBL II**

Layunin umano ng OBL II na gawing kalahati ang pwersa ng Bagong Hukbong Bayan bago magtapos ang 2010 at sa gayo'y kamtin umano ang estratehikong tagumpay laban sa armadong rebolusyon.

Bagamat partikular na tinukoy ang BHB na target upang durugin, gagawin ito sa paraang apektado maging ang mga hindi armado at ordinaryong sibilyan. Nakatuon ang OBL II na durugin ang pamumuno ng Partido upang wasakin ang buong rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng walang patumangga at walang habas na pandarahas at pamamaslang. Ito'y dahil sa kinukonsidera ng AFP na higit na magiging epektibo kung hindi lamang ang armadong bahagi ng rebolusyon (ang BHB) ang kanilang pagtutuunan. Ito ay ayon mismo sa AFP sa dokumento nilang "Knowing the Enemy." Sa katunayan, ang ikinaiba ng OBL sa mga sinundan nitong programa ng AFP ay ang sadyang paggamit ng operasyong militar laban sa mga target na sibilyan; sa partikular ay ang paggamit ng *civilian combat operations, intelligence operations, civic-military operations, at population control operations* laban sa mga ligal na personalidad, mga ordinaryong mamamayan at mga sibilyang komunidad.

Sa ngayon ay binabalik-aralan ng NISP kung papaano hiwa-hiwalay na haharapin ang iba't ibang banta sa seguridad ng estado. Dahil sa nakapadron sa "digmaan

laban sa teror" ng US, kalakhan ng programa ay nakatuon sa paglaban sa rebolusyon ng mga komunista. Pahapyaw lamang na binanggit ang mga teroristang grupo tulad ng Abu Sayaff. Ang panukalang NISP kontra sa rebolusyong Komunista ay binubuo ng limang opensiba at tatlong programa. Ito ang Opensibang Militar, Opensibang Ligal, Opensibang Pampulitika, Opensibang Pang-ekonomya at Opensibang Propaganda. Ang mga programa naman ay ang Demobilization, Disarmament at Reintegration (DDR); Redefined Amnesty Program for Rebel Returnees; at ang programa sa karapatang pantao. Gamit ng OBL II ang lahatang panig na lapit o paraan: ang pagkontra sa armadong pakikibaka, pagkontra sa kilusang protesta, pagkontra sa pakikibakang parlamentaryo at elektoral, intensibong mga operasyong militar, paniktik at aksyong sibiko, paggamit ng terorismo at mga death squad.

**Militarisasyong urban**

Sa labinlimang taong programa ng AFP kung saan bahagi ang "*counter-organizing*" o pagbubuo ng mga huwad na grupong ipantatapat sa mga progresibong grupo at partido, higit itong nabigyan ng pansin ng OBL, hindi lamang sa kanayunan kundi lalo na sa mga maralitang lungsod. Ikinampanya ng AFP ang mga masugid na pasista at anti-komunistang partylist tulad ng ANAD, AKSA at BANTAY.

Simula pa noong Nobyembre 2006 ay nagkalat na ang 260 tropa ng AFP sa 26 na komunidad sa Kamaynilaan. Nakakonsentra ang mga operasyon ng AFP sa 305 lunsod at sentrong bayan sa buong bansa.Sa pangunguna ng mga Special Operations Team-White Area (SOT-WA) at Special Operations Team-Urban Area (SOT-UA) bilang anyo ng Reengineered Special Operations Team (RSOT) na orihinal na nakabase sa kanayunan, inilalako bilang aksyong sibiko ang mga programa tulad ng Army Concerned on Community Organizing and Development (ACCORD) at Community Assistance on Rural Empowermnet thru Social Services (CARES). Gayunman, malinaw na

ang RSOT ang pangunahing pwersa ng AFP para sa civic-military, intelligence at psychological operation. Ispesyal nitong misyon ang pagwasak sa imprastrukturang pampulitka ng mga rebeldeng pwersa at itayo ang mga kontrang organisasyon o Civilian Volunteer Organization (CVO) at Barangay Intelligence Network (BIN). Bahagi lamang ito sa iba't ibang konsepto ng AFP sa Civilian Military Operations Psychological Operations (CMO PSYOPS) tulad ng operasyong "lubog" (immersion), terorismo kontra-terorismo, mga kampanya sa impormasyong panig sa kanila, iba't ibang tipo ng seminar, mga programa sa radyo, at mga ispesyal na operasyon ni Hen. Jovito Palparan.

Mahalagang bahagi ang operasyong paniktik sa mga operasyong militar ng AFP dahil ginagamit itong tuntungan sa kanilang walang pakundangang pamamaslang. Bukod pa sa malaking badyet para sa makabagong teknolohiya, nagrerekrut at nagsasanay ang militar ng mga operatiba sa paniktik mula sa mga residente ng barangay. Ipinatutukoy ng mga sundalo sa mga residente kung sinu-sino ang sumasali sa mga rali. Tinatakot ng mga sundalo ang mga residente at pinipilit silang itigil ang kanilang mga sarili't kolektibong pagkilos para sa kabuhayan, tirahan at iba pang lehitimong karaingan.

Sa mga unang bahagi, kinukondisyon nito ang pag-iisip ng mga tao upang tanggapin ang lantarang presensya ng nakapangkombat na mga militar at manghihimasok sa kanilang pang-araw-araw na mga aktibidad. Sa ngalan ng "digma laban sa terorismo," kinukondisyon ang mamamayang tanggapin ang pagsupil sa kanilang mga batayang karapatan tulad na lamang ng kalayaang makapagpahayag, kalayaan sa paniniwala, karapatan sa pribasiya, at iba pa. Pinagbabawalan nila ang mga tao na sumama sa mga rali at protesta na inilulunsad ng mga progresibong grupo. Gumagawa sila ng iba't ibang operasyon tulad ng pananakot, panggigipit sa mga

nangangampanya, at patuloy na pamamaslang upang hadlangan ang mga nangangampanya para sa progresibong partido at kandidato.

Sa paglaon, tunguhin nitong ipatupad ang batas militar, deklarado man ito o hindi. Ang pagbase ng militar sa mismong mga barangay hall, at pagpataw ng curfew sa ilang komunidad ay pagpapakita ng pangingibabaw ng awtoridad ng militar sa awtoridad ng sibilyan sa mga lokal na yunit ng gobyerno. Layunin nitong alisan ng mga posibleng baseng masa at suporta ang PKP-BHB at MILF sa kalunsuran.

**Kontra-armadong pakikibaka**

Malaking banta sa rehimen ang Bagong Hukbong Bayan. Hindi kaila sa rehimeng US-Arroyo na ang nililikha nitong kalagayan ang lalong nagpapalakas sa armadong paglaban ng mamamayan. Laganap at patuloy na mas masahol pa ang mga pasistang teroristang taktika laban sa mga mandirigma ng BHB, karaniwang mamamayan sa mga base at sonang gerilya, mga pinagsususpetsahang sumusuporta o sumisimpatya sa BHB, at mga organisasyong masang aktibong nagtatanggol sa mga karapatan at kapakanan ng masang pinagsasamantalahan at inaapi. Laganap ang pag-salvage ng nadadakip na mga kadre at mandirigma ng BHB, ang pagdukot at pagpaslang, at ang masahol pa sa hayop na pagpapahirap, kadalasan bago patayin. Sa maraming lugar, naghahasik ang mga pasistang berdugo ng estado ng matinding takot sa mga magsasaka. Kahit bahagyang suspetsa o maling pagsagot nila sa mga tanong ay pwede nang dahilan para sila ay saktan o patayin.

Mahigpit na kumand ng AFP ang mga tagubilin kaugnay sa "mga operasyong walang humpay" para "tuluy-tuloy na tugisin at gipitin" ang mga yunit gerilya ng BHB. Ipinalalaganap ang mga operasyong "hunter-killer" (kumbinasyon ng maliliit na hunter team na sikretong nagmamanman at mas malaking killer unit na nakatago

at papalo kapag may natukoy na target na yunit ng BHB). Ipinalalaganap din ang mga long range patrol (LRP) na mga ispesyal na yunit na sikretong pumapasok at nagpapatrolya nang matagalan sa loob ng mga sona at baseng gerilya. Ang LRP ay ikinukumbina sa mas lantad na regular na patrolya ng mga regular na yunit at yunit ng mga CAFGU para itaboy at ipitin ang mga yunit-gerilya ng BHB at mabira ng mga yunit ng LRP. Kasabay nito'y samu't-saring pambabaluktot at paghahabi ng sariling multo ang inihahasik ni Arroyo upang bigyan ng katwiran ang kanyang pasismo. Pinatitingkad ng rehimen ang mga programa ng "serbisyo-publiko/aksyong sibiko" ng AFP sa mahigpit na koordinasyon sa PNP at lokal na pamahalaan, na sa esensya'y kinukubabawan ng awtoridad ng militar ang awtoridad ng sibilyan kasabay ng marahas na pananalakay sa mga tinutukoy na mga konsolidadong baryo ng BHB. Nangangarap silang mapalitan ang BHB sa puso ng masang taga-suporta nito sa kanilang mga CMO at mapagtakpan ang magkaibang kasaysayan ng kanilang pagkabuo. Umaasa si Arroyo, sa tulong ng imperyalistang US, na malilinlang ng mga panindak na "dahas kontra-terorismo" at "mga programa sa kapayapaan at kaunlaran" ng AFP at PNP ang malaking mayorya ng mamamayang nakabase sa kanayunan.

**Pagdakip at pamamaslang sa mga aktibista at lider**

Kabilang sa kanilang operasyon ang pag-aresto sa mga lider at organisador ng mga progresibong partido na pinalalabas nilang "mga kadre ng PKP." Susing bahagi ng Oplan Bantay Laya II ang serye ng pamamaslang at pagdukot sa mga ligal na personalidad at pangkalahatang pananalakay ng rehimeng US-Arroyo sa mga pwersa ng ligal na demokratikong kilusan—mga lider, aktibista at tagasuporta ng mga ligal na demokratikong organisasyon, alyansa at partido. Ang pinakaimbing bahaging ito ng mga operasyong SOT ng AFP ay naglalayong sindakin, pahinain at wasakin ang mga ito sa pamamagitan ng lantarang pasistang dahas. Gayon na lamang ang bagsik ng atake ng

militar sa mga progresibo at demokratikong pwersa na pinalalabas nilang bahagi ng "imprastrakturang pampulitika" ng rebolusyonaryong armadong kilusan. Mula 2001, at laluna simula 2003, puspusang tinututukan ang mga pinaghihinalaan nitong "simpatisador" ng PKP, BHB at NDF.

Ipinagpapatuloy ang upisyal na patakarang na pampulitikal pamamaslang sa kabila ng pagmamaang-maangan ni Arroyo, mga pakitang-taong imbestigasyon at garapal na pagtatakip ng mga imbestigador ng PNP at NBI. Binibigyang-diin lamang ang ibayong pag-iingat para walang ebidensyang magagamit laban sa AFP at iniengganyo ang paggamit ng mga sumurender na BHB para pwede pang makapang-intriga sa paksyunal na labanan sa loob ng rebolusyonaryong kilusan. Sa ilalim ng superbisyon ng Cabinet Oversight Committee on Internal Security (COCIS), may ispesyal na pondo mula sa Malakanyang para sa mga operasyon sa pampulitikang pamamaslang. Direktang kontrolado ng GHQ-AFP ang paglalabas ng pondo. Base sa lista ng mga target na gawa ng upisyal sa paniktik ng mga batalyon (Bn-S2), pinipili ng kumander ng batalyon ang titirahin at isinusumite ang project proposal para sa pondo.

Lahat ng ahensya ng reaksyunaryong gubyerno at yunit ng militar ay pinakikilos para sa opensibang ligal at saywar laban sa rebolusyonaryong kilusan at sa hayag na kilusang masa. Bukod sa tuwirang pamumuno sa pasistang kampanyang panunupil sa pamamagitan ng COCIS, direktang pinangangasiwaan din ng Malakanyang sa pamamagitan ng Inter-Agency Legal Action Group (IALAG) ang pag-iimbento ng mga kwento at kaso para sa "*psywar offensive*" at "*legal offensive*" laban sa rebolusyonaryong kilusan at ligal na demokratikong kilusan. Inaatasan nito ang lahat ng kumpanya ng AFP na isabay ang kampanyang saywar sa kampanyang militar, sa pamamagitan ng mga



*Mga taga-Special Forces ng US Army habang nagbibigay ng pagsasanay sa mga sundalong Pilipino*, Operation **Enduring Freedom**

Public Information Platoon, bukod pa sa Civil-Military Relations unit nito.

Bahagi ng opensibang propaganda ng AFP ang paglulunsad nang masigla at sustenidong kampanyang kontra-propaganda na naglalayong ilantad ang kalubhaan at antas ng suliranin sa insurhensiya; paglalantad sa mga "panlilinlang at kabuktutan" ng Komunismo; at pagpapabatid sa publiko na kontra-kaunlaran ang kalikasan ng insurhensya. Sa ligal na aspeto ay nasa porma ito ng pagsasampa ng mga gawa-gawang kasong rebelyon at kriminal sa mga lider masa, mga progresibong lider ng partylist, at laban sa mga pinunong komunista.

Ang pagpapatindi ng saywar at panlilinlang ng kaaway ay bahagi ng kanilang Oplan Bantay Laya II. Pampulitika at pampropagandang karugtong ito ng kanilang todong digma at walang habas na kampanya ng pamamaslang at panunupil. Puspusan ang kaaway sa kampanyang saywar at panlilinlang nito upang pagtakpan ang kanilang mga pasistang krimen. Ibinibintang ang mga ito sa PKP-BHB at rebolusyonaryong kilusan at pati sa hayag na demokratikong kilusan upang ikondisyon ang lalo pang pagpapatindi ng panunupil sa mga nagtatangkilik sa rebolusyonaryong kilusan at iba pang kumakalaban sa rehimen. Layunin ng lahat na ito ang makatagal pa si Arroyo sa kapangyarihan.

**Papel ng imperyalismong US**

Itinuturing na ikalawang larangan ang Pilipinas sa interbensyong military ng US bilang bahagi ng "digmaan laban sa terror" matapos ang insidenteng 9/11. Pasimpleng pumapasok sa loob o malapit sa mga larangang gerilya ng BHB ang mga Amerikanong sundalo kasama ang mga "sinasanay" nilang AFP. Bukod sa pagsasanay, lumalahok ang mga sundalong Amerikano maging sa paniniktik at surbeylans, humahawak sa mga outpost at patrulya, at sumasali sa mga papet na tropa sa mga operasyong kombat. Lumalaki ang posibilidad na ang militar na panghihimasok

ng US ay maaaring maging digmang agresyon, at ang kasalukuyang rebolusyonaryong gera sibil ay maaaring maging pambansang digma laban sa dayuhang agresyon tulad ng nangyayari sa Afghanistan at Iraq. Nagbigay ang US ng ayudang militar sa Pilipinas sa halagang $4.5M, dagdag pa sa $30 milyong alokasyon para sa mga treyning at programang “kontra-terorismo.”

Ang OBL II ay dinisenyo, ginabayan at pinondohan ng imperyalismong US sa pangunguna ni Bush upang magsilbi sa kanya, sa lokal na tuta nito, at sa lokal na naghaharing uri.

Ang mga *suicide bombing* sa Bali, Indonesia, ang presensya ng mga teroristang grupong Abu Sayaff at Jemaah Islamiyah, at ang tumitinding kontra-Amerikanong damdamin ang ginawang kunyaring dahilan ng US Special Operations Command, Pacific (SOCPAC) upang manghimasok sa mga bansa sa Pasipiko kabilang ang Pilipinas. Ang *Indirect Approach* (Hindi Lantarang Paraan) ay isang hakbang upang magamit at makontrol ang mga reaksyunaryong hukbo ng mga bansa sa Pasipiko sa pagsugpo sa totoong banta sa imperyalismong US: ang PKP-BHB sa Pilipinas at ang mga demokratiko at progresibong organisasyon*. Ang mga konsepto sa OBL tulad ng pagpapailalim ng lahat sa mga operasyong kontra-insurhensya, ang pagpapadron ng mga serbisyo ng gubyerno at civil society para maglingkod sa mga layuning militar (na sa aktwal ay konsepto ng CMO para mapagkaitan ng base ang rebolusyonaryong kaisipan at kilos), at militarisasyon sa lungsod, ay ilan sa mga bahagi ng estratehiyang militar ng US na dala ng SOCPAC. Ito ang higit na nagpapalakas sa kapangyarihan ng militar laban sa sibilyang awtoridad sa isang malaya at demokratikong bansa.



*Mga tagapayo ng US habang nagbibigay ng pagsasanay sa mga tauhan ng Philippine Navy*

Ang pagturing na "terorista" sa lahat ng kumukontra sa US at paggamit ng mabibigat na sandata para "biglain at sindakin" ang mga kaaway nito, gayundin ang pinagsususpetsahang mga tagasuporta nila sa hanay ng sibilyan, ay nakamodelo sa *Operation Phoenix* na ginamit noon ng US sa Vietnam noong 1967-74. Gumagamit ito ng mga birang *preemptive* o paraang mapang-una, gaya ng pagdukot, tortyur at pagpatay sa mga pinagsususpetsahang "terorista." Inaalisan din ng lahat ng karapatan ang mga grupo at indibidwal na itinuturing na mga terorista.

Ang *Operation Phoenix* ay kumitil sa buhay ng humigit-kumulang 400,000 Vietnamese. Pinalalaganap din ito ng mga operasyon ng CIA at Pentagon sa iba pang bahagi ng Asya; sa Timog at Gitnang Amerika tulad ng Nicaragua, El Salvador at Guatemala; sa Yugoslavia; at mga bahagi ng Africa. Nagkaroon ito ng iba't ibang bersyon sa iba't ibang bansa. Nasa ubod ng mga operasyong ito ang paniniktik; pagbubuo ng listahan ng mga mamanmanan at tutugisin; pag-iipon ng impormasyon tungkol sa pinaghihinalaan nilang mga komunista at simpatisador; at paglulunsad ng mga asasinasyon, pagdukot at pananakot sa mga ito–na walang pagkakaiba sa "target research" at mga death squad ng OBL.

Ang mga operasyong ito na tinutularan ng Oplan Bantay Laya ay pawang walang pakundangan at walang sinasantong mga karapatan. Ginagamit nito ang mga paraang tahasang labag sa mga internasyunal na alituntunin sa digmaan. Sa kasong isinampa sa Permanent Peoples' Tribunal laban sa rehimeng US-Arroyo (kasama ang IMF-WB, WTO at iba pang kasabwat), napatunayang nilabag ng mga ito ang sumusunod na internasyunal na batas: Universal Declaration of the Rights of People; Universal Declaration of Human Rights; International Covenant on Civil and Political Rights; International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights; United Nations Convention Against Torture; GRP-NDFP Comprehensive Agreement




Liberation Interna-

on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law; 1996 GRP-MNLF Peace Agreement; at ang pangkalahatang batas na kinikilala ng iba't ibang bansa na makikita sa Section 2, Article II ng Konstitusyon ng Pilipinas na pinagtibay noong 1987. Binanggit na higit na mahalaga pa sa teknikalidad ng mga paglabag, "na ang mga malawakan at sistematikong paglabag sa karapatang sibil at pulitikal, sa mga karapatang panlipunan, pang-ekonomiya, at pangkultura, at ang karapatan sa pambansang determinasyon at kalayaan, ay magkaiba ngunit hindi hiwalay sa isa't isa…"

**Aktibong kumilos at muling biguin ang OBL II**

Ang obhetibong kondisyong nililikha ng krisis sa lipunang Pilipino, kasabay ng mga kaganapan sa pan-daigdigang saklaw ay pumapabor sa pagtatagumpay ng rebolusyonaryong pakikibaka sa ating bansa. Mabibigo ang OBL II hindi lamang dahil sa ito'y di makatarungan, kontra-mamamayan, brutal at mapangwasak, kundi dahil ipinagtatanggol nito ang isang malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistemang batbat ng krisis, di pantay na kalakalan at pagsalig sa dayuhang utang, malawakang disempleyo at bagsak na kita ng mamamayan, serbisyo sa bayad utang, labis at tiwaling gastusing militar, at mga proyektong pang-imprastraktura na batbat ng katiwalian. Salik din sa pagkabigo ng OBL II ang katotohanan sa AFP at PNP na lubhang manipis at banat na banat na ang mga ito, at ang problema ng malawak na demoralisasyon at disintegrasyon ng pwersa nito. Katulad ng pagkabigo ng diktadurang Marcos kung kailan malayong mas mahina pa ang BHB at bata pa ang kilusan, higit na natitiyak nating mabibigo ang OBL II. Gayunpaman, ang obhetibong kalagayan ay kinakailangang sabayan ng malakas at pursigidong suhetibong pwersa sa pamumuno ng PKP, kasama ng BHB at Pambansa Demokratikong Prente at

ng malawak na lumalabang mamamayang Pilipino.


Ang pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya ang pinakamahalagang kagyat na tungkulin sa paglaban at pagbigo sa pasistang terorismo at pananalakay ng papet at pasistang rehimen. Ang mga tagumpay dito ang magpapatampok sa magiging kabiguan ng OBL II. Makakatulong ang iba't ibang paraan ng rebolusyonaryong kultura upang higit pang palakasin ang mga pwersang gerilya at baseng masa. Kritikal na rekisito rin ito para sa pagpapaigting ng iba't ibang tipo ng mga pakikibakang bayan tungo sa pagpapabagsak ng kinamumuhiang naghaharing rehimen. Magagawa nating madalas na mabigwasan ang kaaway sa pamamagitan ng pagiging alerto at mapagbantay maging sa mga mapanlikhang panlilinlang ng AFP upang agad itong maisampal sa kanila. Pauunlarin natin ang mga paraan sa gawaing kultura upang higit na makapagpalaki ng kasapian ang BHB, mas madaling mainternalisa ang mga pag-aaral at pagsusuri, huwag hayaang magapi ng bulok na mga kaisipang laganap sa iba't ibang midya, at marami pang iba. Payabungin ang gawaing pangkultura lalo na sa mga konsolidadong baryo upang mapatibay ang kanilang paninindigan at kapasyahang lumaban, maabutan man sila ng matinding atake ng kaaway.

Mahusay na instrumento ang sining at panitikan upang makatulong sa pagpapalawak at pagpapasigla ng mga pakikibaka at kampanyang masang anti-pyudal, anti-pasista at anti-imperyalista. Importanteng pag-ukulan ng masusi pang atensyon ang pagsusulong ng mga kampanya sa ekonomya at produksyon, edukasyon at kultura, kalusugan at iba pang pang-araw-araw na problema ng masa.

* ***2006 Quadrennial Defense Review***. Isinulat ni Maj. General David P. Fridovich at Lt. Col. Fred T. Krawchuk, kapwa mga opsiyal ng SOCPAC, ang dokumentong "Winning in the Pacific: The Special Operations Forces Indirect Approach" na matatagpuan sa website ng ***DFQ Forum***

# Kulturang mapaniil, Kontra-kulturang Sinusupil

ni Justo Labrador




KAY TAGAL nang panahon na ginagamit ng mga reaksyonaryo ang sining at kultura laban sa sambayanan, kasabay sa paggamit ng paniniil. Sa pagsisimula ng nakaraang siglo, sinupil ng kolonyal na administrasyong Kano ang kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pagbawal sa pagladlad ng bandila, sa pagsara ng mga pahayagan tulad ng **El Renacimiento** makaraan itong maglabas ng editoryal na pinamagatang "Aves de Rapina," at sa pagtiklop ng mga teatrong nagpapalabas ng mga umano'y sedisyosong dula tulad ng mga zarsuwelang "Walang Sugat" ni Severino Reyes, "Kahapon, Ngayon at Bukas" ni Aurelio Tolentino at iba pa.

Ngunit hindi kayang tumalab ang panunupil ng habang panahon. Umusbong noong panahon ng Commonwealth ang makabayang mga tula, dula at

nobela ng mga tulad ng "Kung Tuyo na ang Luha Mo" ni Amado Hernandez, "Bayan Ko" ni Jose Corazon de Jesus, Francisco Lazaro at iba pa. Lumaganap ang mga makabayang awitin sa anyo ng kundiman.

Makaraan ang digmaan, ginaya ng reaksyonaryong Kongreso sa Pilipinas ang witch-hunt o kampanya ng pagtutugis  na inilunsad ng mga tulad ni Senador Eugene McCarthy at Richard Nixon laban sa mga artista sa pelikula. Inilunsad ng Committee on Un-Filipino Activities (CUFA) ang serye ng mga pagdinig na target ang mga guro sa pamantasan. Bago pa nito, ginamit ng operator ng CIA na si Koronel Edward Landsdale ang pelikula upang maghasik ng lagim sa kanayunan. Habang nagpapalabas ng mga pelikulang nagpapantasya tungkol sa mga aswang, papaslangin ang ilang magsasaka, tutusukan ng dalawang alambre sa ulo at ipapalaganap na mga aswang ang mga Huk kaya't di dapat magpagabi. Ginawang sistematiko ang mga katulad na hakbang ng psychological warfare (saywar) ng binuong Office of Civil Relations (ngayon ay Civil Relations Service) ng reaksyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas.

Sa panahon ng Batas Militar ng diktadurang US-Marcos, kasabay ng konsepto ng the "true, the good and the beautiful" ng tsarina ng usaping kultura na si Imelda Marcos, itinatag ang makapangyarihang Board of Censors sa ilalim ni Ministro Greg Cendana, na siyang nagmanman ng mga pelikula, telebisyon at radyo. Ipinagbawal ang pelikulang "Sacada," samantalang ang isang emcee na nagkomentong "sa ikauunlad ng bayan bisikleta ang kailangan" dahil sa krisis sa langis, ay dinakip at pinagbisikleta sa loob ng Camp Crame maghapon. Sa kabila nito umusbong ang gintong panahon ng kultura: lumaganap ang pamprotesta at andergrawnd na sining at panitikan.

Walang pinagkaiba ang "strong republic" ng rehimeng US-Gloria Arroyo sa mga nakaraang rehimen. Patuloy ang Movie, Television, Review & Classification Board sa pagmanman. Ipinalaganap ng militar ang powerpoint presentation na "Knowing the Enemy" kung saan tinukoy ang mga institusyong pangkultura tulad ng PETA at organisasyong pang-edukasyon tulad ng Alliance of Concerned Teachers bilang prente umano ng mga komunista, at maging ang Simbahang Katoliko ay inilantad na napasukan at kaaway na. Pilit na ginagamit ng mga Reengineered Special Operations Team ang kultura; sa isang palabas sa ABC-5 na pinamagatang "State of War" noong Hulyo 2006, pinakita kung paano tinipon ang mamamayan sa isang baryo sa Bulacan, at kung paanong umaarte pa ang isang koronel bago magtalumpati, sukdulang tumula pa ng paiyak, at makaraan nito pinasusurender ang mga kasapi ng mga partylist at iba pang samahang masa. Pinakasukdulan, noong 2004, isang pagtatanghal ng pagsasadula ng mga maikling kuwento ng yumaong Pambansang Alagad ng Sining na si Amado Hernandez ang pinatigil ng mga militar sa Bikol: pinaligiran ng mga naka-combat na sundalo ang cultural caravan at tinutukan ng baril ang mga artista.

Tumampok ngayong taon ang ibayong militarisasyon sa kalunsuran. Nagsimula ito sa pagdeploy ng 23 tim ng mga sundalo sa mga komunidad ng Pandacan, Payatas at Tondo bago mag-eleksyon. Bilang kasangkapan ng say-war, pilit nitong pinapalaganap ang klima ng pagkatakot. Idinahilan pa hindi lamang ang pagsawata sa kriminalidad (na trabaho ng pulis, hindi ng militar) kundi ang paglaban sa umano'y "kultura ng rebelyon" na taglay ng mga maralita kung kaya't madali silang mapasukan ng mga lumalaban sa pamahalaan. Samantala, kinontra ng militarisasyon ang mga lehitimong pakikibaka ng mamamayan tulad ng

paglaban para sa pangkabuhayang usapin at pagtutol sa demolisyon.

Higit na sopistikado ang arsenal na pangkultura na ginagamit ngayon. Sa rali ng mga manggagawa noong nakaraang Mayo Uno, ipinalaganap ng di kilalang mga tao ang mga VCD ng isang pelikulang walang pamagat. Tampok sina Bembol Roco bilang kontrabida, Hero Bautista at isang lider-manggagawa na papaslangin sa dulo ng pelikula, tema ng pelikulang ito kung paano umano ginagamit ang kilusang welga upang magrekrut ng mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan. Lubhang mapanganib ang pelikulang ito, hindi lamang dahil sa itim na propagandang ikinakalat, kundi ang ipinapalaganap na mga maling kaisipan. Halimbawa, pinalalabas na tila kasalanan din ng mga manggagawa na sila ay paslangin dahil sa kanila nagmumula ang kaguluhan sa piket layn. Nang lusubin ng mga pulis ang welga at pilit huliin ang mga nambato sa trak na nagdadala ng mga eskirol, naagaw umano ng isang welgista ang baril ng isang pulis at napatay ang mga sumasalakay. Tuluyan nang hiniwalayan ng pamilya at kamanggagawa ang lider ng unyon, kaya't sa kanyang burol sinisisi pa siya sa pagkamatay niya. Nakakatakot ang ideyang nais ipahiwatig ng ganitong pelikula—lumalabas na tama lang na paslangin ang mga unyonista dahil sa sila ang nagsisimula ng gulo. Bagay na magpapadulas ng kampanya ng paniniil at pamamaslang na isinasagawa ng Oplan Bantay Laya.

Ayon sa mga artista mismo, si Jun Urbano ang direktor ng pelikula na ginawa noong 2006. Sa katapusan ng isang oras na pelikula (malamang pinagkasya sa VCD para mura lang maireprodyus), ipinahiwatig na bahagi o panimula lamang ito sa serye at ang susunod na kabanata ay ang umano'y impiltrasyon naman sa sektor ng kabataan.

Lubhang higit na komprehensibo't sopistikado na ang paggamit ng kultura ng mga reaksyonaryo, kung kaya't napakahalagang tanganan ang komprehensibong paglaban ng rebolusyonaryong kilusang lihim sa larangan ng kultura. Hikayatin natin ang mga artista't manggagawang kultura na likhain ang sining at panitikang makatotohanan at mapanlaban. Pamunuan natin ang opensiba sa sining sa kalunsuran man o kanayunan. Buuin natin ang laksang grupong pangkultura sa mga baryong saklaw ng organo ng kapangyarihang pampulitika at sa hukbo. Paunlarin natin ang paggamit ng kultura sa gawaing edukasyon, sa kampanyang pangkabuhayan at mobilisasyon, at sa pagpapaunlad ng kamalayang pangkalusugan at pagkakapantay-pantay ng kababaihan. Ito ang bibigo sa kampanyang mapaniil ng kaaway at magdudulot ng ibayo nating tagumpay.



**Tula**

# nakita ko mismo

*ni Juan Victoria Segundo*




nakita ko mismo,
ng aking mga mata
ang ginawa ng koronel
sa isang lalake.
may nakapulupot na ahas
sa leeg ng koronel,
di ko alam kung sawa
o anupaman,
(di na mahalaga
marahil ang pangalan,
ang pangalan ng ahas)
nakahiga ang lalake
sa isang tipak na yelo.
walang basahan
ni gulanit na damit,
ang nakapagitan
sa kanyang balat
at nakakapasong lamig.

inutusan akong
lapitan ang lalake,
habang ikinakabit
sa kanyang titi
ang alambre.
sa dulo ng alambre
ay maliit na makina,
di ko alam kung ano,
hanggang maulinig ko
dinamo ito, sabi ng sarhento.
pinilit akong paikutin
ang dinamo, mabagal
mabagal sa umpisa.

umangat ang puwet
ng lalake mula sa kinahihigaan.
umungol sa sakit, marahil.
nagtawanan ang lahat
ng mga nakapalibot,
pati ang koronel,
pati ang ahas
na nakapulupot
sa kanyang leeg.
pinilit akong pabilisin
ang ikot ng dinamo.
umiktad ang katawan
ng lalake, ang aking asawa.
humihiyaw sa kirot, marahil,
sa kirot na yumayakap
sa buo niyang
balat at hanggang buto.

nang pansamantalang
mahimasmasan ang lalake,
ibinulong ko sa kanya:
wala kang dapat gawin
wala kang dapat sabihing
makakatulong sa koronel.

# Hindi lamang ang ating dakilang panaginip ang gusto nilang paslangin

*ni Mario Mendoza*

Sabi ng isang makata, pinakamasidhing uri
ng paglabag sa karapatang pantao
ay ang nakawan ng mailap na himbing at idlip

laluna

Silang mga kamag-anak
na biktima ng pulitikang pamamaslang;
Silang mga ama at ina
ng mga desaparacidos;
Silang mga kaibigan at kasama sa hanap-buhay
ng mamamahayag na pinutulan ng dila at hininga.

Kagabi, mahimbing ang tulog ko.
Nanaginip pa nga ako:

"Habang papalabas sa bahay, sa may kanto,
sinalubong ako ng isang maskuladong mama,
nakasumbrero, hindi ko namukhaan,
at biglang binunot at kinalabit
ang gatilyo ng kwarenta'y singko
habang nakatutok sa aking sentido.

Umalingawngaw ang putok!

Pero buhay pa ko at nakatakbo.
Hanggang harangin uli ako ng dalawang mama,
nakamaong at puting t-shirt,
may kwarenta'y singko sa kani-kanilang balakang.
*Inaaresto ka namin dahil sa kasong droga at rape;*
*Dinaya nyo pa si Prospero Pichay noong nakaraang*
*halalan, laluna sa lalawigan ng Bataan.*




Kinaladkad ako habang sumisigaw.
*Wala kayong warrant of arrest!*
*Wala kayong warrant of arrest!"*

Sumunod na tagpo:

"Sa isang covered court,
nakikipagmiting ako sa taumbayan
upang isumbong ang aking pinagdaanan.
Kasama sa odyens ang mga kaklase ko na
mula pa sa elementari,
nag-aambagan sila ng 500 at 1,000 piso.
*Pampiyansa mo yan! Pampiyansa mo yan!*
sabi nila sa akin.
Paglingon ko sa kabilang kanto ng court,
may isang naka-patig, si Hen. Jovito Palparan;
kasingtalas ng balaraw ang titig nya sa akin,
habang tumatawag sa kulay pulang
casing na cellphone nyang 33-10."

Sumunod na tagpo:

"Sa loob ng aming bahay,
naramdaman namin ang lindol;
tumagilid at nagkauwang
ang mga kanto ng pader at muhon.
Lumabas ako para tingnan ang mga kapitbahay;
pero tanging bahay lang namin ang naapektuhan.
Pagpasok ko uli sa bahay,
bumulaga sa akin ang isang lapida
na nakapatong sa lamesa, sa hapag kainan.
Hindi ko na maalala kung kaninong
pangalan ang nakasulat sa lapida."

Hunyo 2007

Ganito karahas at kaligalig
ang mahimbing sa ilalim ng mamamatay-tao
na rehimen nina George Bush at Gloria Macapagal-
Arroyo.
Hindi lamang sa totoong buhay
naglalaway ang kanilang mga pangil;
naninibasib sila maski sa ating panaginip.

Kahit mahimbing ang ating tulog.
Kahit malalim ang ating tulog.

-14 Hunyo 2007

# huwag kang matakot Inay

*ni KA JUDY*




Huwag kang matakot Inay,
kung mabalitaan mong
may dinukot at pinatay
ang mga sundalo
sa isang engkuwentro;
o kung ginagalugad nila
ang mga komunidad
para patahimikin
ang mga naghahasik
ng pagbabago.
Kung totoong nananalo
sila sa digmaan,
bakit di nila makabig
ang mga bayan
sa kanayunan?
Bakit sila natataranta
tuwing may nagmamartsa
patungong Mendiola?
Magsasaka,
manggagawa,
makata,
bata man o matanda,
ay nagiging banta
sa batalyon ng mga hangal
na heneral,
at ng pangulong ulupong.

Mas natatakot sila Inay,
dahil nagbabadya ang panahon
na bukas o ngayon:
tagumpay!

# trigger

ni Ka Em

‘twas a morning
Of the unhesitant sun,
Embraced by the quietness
Of keen guerillas
Waiting…



The enemy’s grenade
Marked the death
Of silence.

As the mountain trembled,
The sight was more sharpened
The stand became firmer.

The cogon grasses,
As they swayed with
The 90 RR’s waving sound,
Betrayed the mercenaries.

The burning fury
Of the oppressed
Taught the finger
To squeeze the trigger of the gun
And freed the bullets,
The bullets of freedom!

*Written about the March 26, 2003 encounter between NPA guerillas and a 15th IB platoon at Cabatuan, Danao, Bohol.*

# gatilyo

(Salin ni Mario Mendoza)

Umaga iyon
At tirik ang araw,
Nakayakap ang katahimikan
Sa mga alertong gerilyang
Nag-aabang…

Pinatay ng granada
Ng kaaway
Ang katahimikan.

Samantalang nayayanig ang bundok,
Higit na pinatalas ang pagsipat
Higit na bantay-sarado sa kinalalagyan.

Ang mga talahib
Na kumakaway
Kasabay ng alingawngaw ng de-90ng RR*,
Ang nagkanulo sa mga bayarang kaaway.

Ang naglalagablab na galit
Ng mga pinagsasamantalahan
Ang nagtuturo sa hintuturo
Na mariing kalabitin ang gatilyo
Upang palayain ang mga bala,
Ang mga bala sa paglaya!

*Isinulat matapos ang engkwentro noong Marso 26, 2003 ng NPA at isang platun ng 15th IB sa Cabatuan, Danao, Bohol*

*RR – *recoiless rifle*

# mukha

*ni Silvia Madiaga*

Walang mukha ang kaba
Kahit nadaramang may mga mata
Na nagmamasid sa bawat puntahan ng paa
Dahil aktibista'y di dapat magpahalata.

Walang mukha ang hindik,
Sino ma'y nasa listahan ng paniktik:
Peryodista, kongresista, estudyante, relihiyoso,
Manggagawa, abugado, magsasaka, bote-dyaryo.

Walang mukha ang takot,
Ginaw lang na gumagapang sa gulugod,
Pawis sa talampakan, panghihina ng tuhod,
Dasal na sana'y di ngayong gabi ang pagdukot.

Walang mukha ang lagim.
Nakatago ito sa likod ng bonet na itim
Sa mga motorsiklong sumusunod
At baril na biglang pumuputok.

May mukha ang hinagpis
Sa mga ulilang tumatangis,
Sa mga bangkay na nang ibalik
Hinusgahan ng walang paglilitis.

May mukha ang pagpapasya
Sa mga nagpapatuloy ng pakikibaka
Sa eskwelahan, pabrika, hayag at lihim na gawa
Matatag na haharap sa mga banta.

May mukha ang pag-asa
Sa nagkakaisang magsasaka,
Sa mga mandirigmang nagkakantahan
Nagtatanim, nagtatambang.

May mukha ang poot,
Ng mga balat na sa araw ay sunog
Sa lansangan at nayon bubuhos
Sa mga hari makikipagtuos!

Sa di-malayong kabundukan
May mga bandilang iwinawagayway:
May mukha ang tagumpay

*19 Agosto 2006*
*Roxas City, Capiz*

# kapag nalalaglag ang hamog

*ni Ditan Dimase*
(paggunita kay Ka Marcing Beltran )

isang umaga ito;
isa lamang sa mga umagang
nalalaglag ang hamog,
at dumidilig sa nakamulagat
na mata ng lupa.

ngunit hamog kang hiniklas
ng mababalasik na yabag
at mararahas na padyak
mula sa kinapitang uhay,
nais nilang pawalang-bisa
ang iniaalay mong halumigmig
sa nahuhumpak na sitaw,
at nakukubang tubo;

umiilanlang ang hamog,
kinakawayan ng ulap.

nag-iipon ng ulan
ang langit, nangingitim;
nagbabadya ng ngitngit,
sa panahon ng mga aso
at agilang pilit pinaglulubay
ang pagdaluyong ng dagat.

hindi nila makakamit
Kasamang Marcing,
ang kanilang gustong
tuluy-tuloy na tagtuyot.

nang kupkupin ka ng lupang
Camiling,
naluha ito sa tuwa.

sa dako roon,
sa halayhay ng Zambales at Tarlac,
namumuo ang sigwa.

Disyembre 10, 2004

*Isang lider magsasaka si Ka Marcing. Masugid na itinaguyod niya ang karapatan ng mga magsasaka at manggagawa sa Hacienda Luisita. Pinaslang ng militar noong Disyembre 8, 2004*

# desisyon

*ni Ditan Dimase*

Malaon nang duguan
ang Pagadian, nang
kaladkarin ka ng hanging
ibinuga ng uwak,
mula sa pulong naghahasik
ng lagim.
Alam nila,
silang dumadaklot
sa rumarangyang mga pabrika,
silang humahablot
sa pumipintog na putik ng bukirin,
na ang tinig mo'y aawit
ng kapayapaang pinagniningning
ng himagsik;
na ang tingin mo'y
tititig sa gulayan,
at hardin ng bulaklak
na pinatataba, ng iyong
ngiting humahamak sa mga pader
na nangangamoy asupre.

Ano nga ang magagawa
ng santaon, at pitong buwang
pagbangon at pagbabangon
sa loob ng kipil ng dahas?
Maaari mong tawirin
ang agos ng ilog Dimurok;
hakbangan ang tapaw
ng bundok Malindang;
bagtasin ang lawak
ng kapatagang Mahayag.
Walang makakahadlang
sa iyong akyatin ang tuyot

sa dibdib ng magsasaka,
at languyin ang ginaw
sa labi ng mangingisda.
Walang makakapigil
na magsiga ka ng apoy
sa mata ng babae at bata,
at magpanday ng tabak
sa bisig ng Moro at Lumad.

Kasama,
para lamang sa mga uwak
ang tiktak ng orasan.
Ngunit para sa iyo
ang hudyat ng oras.
Huwag mong hayaang
balutin ng kalawang
ang iyong panahon;
huwag kang yumukod
sa panggagahis ng rehas.

setyembre, 2006
*Alay sa isang detenido pulitikal*

# Ang Katapusang Martsa sa Hustisya

(Alang ka KA VICTOR)

*ni* HARING ULIPON



Gisalamin ang kaugalingong nasinati
Pakiglambigit sa katawhang gialagaran
Gihiusang kalisod, kasakit nga gibati
Paglingkawas sa inhustisyang natagamtaman.

Dul-an sa duhang dekadang gipakigbisogan
Namat-an, nahamtongang dunot nga katilingban
Dalang tinguha, katilingbanong kaangayan
Nagtigbabaw ang katawhan, banay biniyaan.

Mithi ang kaangayan, way nangandoy'g kamatayon
Apan katilingbang malupigon, hait og ngipon
Kinabuhing inampingan, sayon nga kutloon
Inhustisya nagtigbabaw, paghari gilig-on.

Sa hulga'g hagit, walay luna ang pagdumili
Kahadlok gihikling, maugtas man ang kinabuhi
Damgo sa nilupigan, gipasulong way kalisang
Septiyembre Siyete, sa gininhawa giputlan.

Bisan pa man sa kahimtang sa lawas nga pukan
Gitugon daan: PADAYON MARTSA SA KATAWHAN

Kinse sa Septiyembre, ang nahimong katumanan
Ang katapusang martsa, uban sa gialagaran.

Sa katapusan martsa, nakab-ot mo ang hustisya
Apan ang gialagaran, pabilin pang biktima
Bulahan ka, sa inhustisya ikaw luwas na
Ako kaha? Kita? Pagtagamtam nga buhi, kanus-a pa?

# Ang Huling Martsa para sa Katarungan

(Para kay Ka Victor)

*salin ni* *Sophia San Juan*

Sinasalamin ng kanyang mga karanasan
Ang kanyang pakikipagkapit-kamay sa mga taong kanyang
pinaglingkuran
Pagsasama-samahin, ang kanyang mga hirap at sakit na dinanas
Magiging susi upang makamit niya ang katarungan.

Dalawang dekada kang nakibaka
Namulat sa isang bulok na sistema
At mula dito'y naghangad ka ng pagkakapantay-pantay
Pinili mo ang sambayanan kaysa sa iyong pamilya.

Lunggati mo ang pagkakapantay-pantay, kung saan hindi hinihintay ang
kamatayan
Ngunit ang mapaniil na lipunan ay may matatalas na pangil
Ang buhay na pinahahalagahan ay walang pakundangang binabawi
Sa kawalang katarungan nila pinagtitibay ang kanilang paghahari.

Nangangalisag ang mga banta at hamon
Ngunit hindi tayo nagpatalo, buhay man ang kapalit at ialay.
Isinulong ang pangarap ng mga mahihirap nang walang takot
Ika-pito ng Setyembre nang putulin ang iyong hininga.

Ngunit katawan mo lamang ang kanilang pinaslang
Nauulinigan ko ang iyong sinabi dati: IPAGPATULOY ANG MARTSA
NG SAMBAYANAN

Natupad ito noong ika-labinglima ng Setyembre
Ang huling martsa ay martsa ng sambayanan na iyong pinaglingkuran.

Sa huling martsa, nakamit mo ang katarungan
Ngunit patuloy na pinagkakaitan at biktima pa rin ang sambayanan na
iyong pinaglingkuran
Pagpalain ka nawa sapagkat malaya ka na sa kawalang katarungan.
Kailan ko matitikman ang katarungan? Kailan namin matitikman ang
katarungan?


*Binaril si Ka Victor noong ika-7 ng Setyembre 2006. Siya ang ika-748 biktima ng pampulitikang pamamaslang mula nang maluklok si GMA sa poder noong 2001.*

Maikling Kwento

# WALANG PINIPILI ANG GUMAGAPANG NA DILIM


*ni DIEGO EMMANUEL*

*(Lumabas sa* **Dangadang** *noong 2006)*



Nagpaumanhin si Robert sa mga kausap niyang *lallakay* at tumayong kumuha ng kape sa kusina. Pumasok siya sa maliit na silid ng kanilang lumang tahanan. Sa bintana, natanaw niya ang mga *payaw* sa baba ng baryo, nakita niya ang mga bundok na unti-unting lumaya mula sa yakap ng gabi. Sumayaw sa hangin ang mga palay na pinayuko ng mabibigat na bunga. Ilang araw na lang at gaganapin na ang *begnas*, ritwal ng pasasalamat para masimulan na ang tag-ani. Panahon ng galak, panahon ng pagkakagantimpala ng pagod ng mga magsasaka.

Pero mahina ang sikat ng araw, tila nahihirapang tumagos sa ulap. "Tama lang," naisip ni Robert. Para sa kanya, sa kanyang mga kamag-anak at kababaryo, hindi panahon ng galak. Balot ng dalamhati



ang kanilang maliit na ili na napapalibutan ng ginintuang mga payaw. Hinigop ni Robert ang kanyang kape. Wala pa siyang sapat na tulog sa tatlong gabing nagdaan mula nang kanyang iwan ang pinamumunuang ditatsment sa Mindanao. Kinuha niya ang album ng mga litrato ng kanilang magkakapamilya. Hinanap niya ang mga litrato niya at ng kanyang nag-iisang kapatid na si Joselina. Litrato nila noong bata sila. Litrato nila noong magtapos ng hayskul. Litrato nila noong magtapos bilang duktor si Joselina. Litrato nila noong magtinyente sa AFP si Robert. Maaliwalas at puno ng pag-asa ang kanilang mga mukha sa mga litrato. Mula sa isang maliit na baryo ng Kordilyera, nakapagtapos sila sa pamamagitan ng scholarship at ng kung ano pang maaaring maitulong ng kanilang mga magulang.

Inilapag ni Robert ang album. Nagbihis siya. Isinuot niya ang pang-pormal na uniporme kasama ang mga medalya at tanda ng kagitingang natanggap niya bilang mahusay na opisyal ng Scout Rangers. Nagsapatos siya at lumabas sa silid. Di magtatagal at kailangan niyang tumulong sa pagbababa ng kabaong ni Joselina. Pagkatapos ng araw na iyon, di na niya muling makikita ang kanyang minamahal na kapatid.

Nagtelepono ang mga kamag-anak ni Robert upang ipaalam sa kanya ang pagkamatay ng kanyang kapatid. Agad siyang nagpaalam sa kanyang mga nakatataas na opisyal pero lumipas muna ang dalawang araw bago siya napahintulutang bumiyahe. Naratnan niyang pinaglalamayan na si Joselina sa kanilang bahay.

Parang nabagsakan ng malaking bato si Robert



noong malaman niya ang detalye ng pagkamatay ni Joselina. Inaresto ito ng mga nakasibilyang tauhan ng militar sa isang maliit na barangay clinic sa karatig probinsyang pinagtalagahan sa kanya. Sinabi ng militar na si Joselina ay tumutulong sa NPA at ang mga nagpapagamot sa clinic ay mga sugatang kasapi ng NPA. Bilang ebidensya daw, ipinakita ng military ang isang larawan ni Joselina sa isang rali ng mga magsasaka. Isinamang arestuhin ng militar ang dalawang pilay na magsasakang pasyente noon ni Joselina. Sinabi nilang ang mga ito ay NPA.

Marami ang agad naghanap sa naarestong doktora at ang kanyang dalawang pasyente. Isang delegasyon ng taumbayan, pari, abogado at iba pang mga aktibista ang pumunta sa *brigade headquarters* para hilingin na maipakita sa kanila ang mga naaresto. Itinanggi ng militar na hawak nila ang tatlo. Noong sumunod na araw, dumating ang dalawang trak na puno ng mga kamag-anak at kababayan ni Joselina na sumama sa isang pang delegasyon na muling nagpunta sa brigade headquarters. Sinabi ng mga *lallakay* na opisyal militar at kasapi ng Scout Rangers ang kapatid ni Joselina. Noong marinig ito saka na lamang inamin ng militar na inimbitahan nila sina Joselina pero pinalaya din daw agad noong hapon na iyon.


Natagpuan ang bangkay ni Joselina pagkatapos ng dalawang araw na paghahanap ng taumbayan at ng kanyang mga kapwa aktibista. Isa siya sa daan-daang biktima ng terorismo ng estado.

NALILITO ANG PAKIRAMDAM ni Robert noong libing ng kanyang kapatid. Bilang sundalo at alagad

ng espesyal na pwersang pandigma, idinikdik ng estado sa kanyang isipan na ang mga aktibista ay kasapi ng rebolusyunaryong kilusan. Kalaban sila ng gubyernong pinagsisilbihan niya. Pero aktibista naman ang minamahal niyang kapatid. Noong una, tinitimpi niya ang galit nang marinig na kumanta ng progresibong mga awitin ang mga nakilamay na aktibistang kasama ni Joselina. Kumalma na lamang siya noong makita niyang ang kanilang pag-awit ay pagpupugay sa namatay nilang kasama.

Natagpuan at binasa ni Robert ang mga sulat ni Joselina sa kanilang mga magulang. Mapagmahal na anak si Joselina. Palagi itong tumatawag o sumusulat sa kanyang mga kamag-anak. Lumaki sila sa isang relihiyosong pamilya at nag-aral sa isang relihiyosong paaralan. Mula pagkabata, naitanim sa kanilang isipan na ang mahusay na gawa sa kapwa ang pinakamahalagang anyo ng pagpapahalaga at pananampalataya sa Lumikha. At ganoon na nga ang mga nilalaman ng mga sulat ni Joselina sa kanilang mga magulang. Imbes magtrabaho sa ospital sa Baguio o Manila, pinili nitong madestino sa isang liblib na baryo na mas kailangan siya. Doon siya makakagawa ng mas maraming kabutihan sa kanyang kapwa.

Mula sa mga sulat, mas malalim pang nakilala ni Robert ang pinatay niyang kapatid. Nakita niya ang mga simpleng kasiyahan ng kanyang kapatid. Ang mga pangarap at inaasahan nito. Naalala ni Robert ang pagtatalo nilang magkapatid noong pinili ni Joselina na madestino sa malayong baryo. Binigkas noon ni Robert ang kanyang pag-aalala hinggil sa seguridad at ang kawalan ng pagkakataong umangat si Joselina sa





kabuhayan. Pero nanaig pa rin ang kagustuhan ng kapatid niya.


Naguluhan si Robert noong pagnilayan ang buhay ng kapatid niya. Maigsi pero mabunga ang buhay ni Joselina. Marami siyang natulungang kapos-palad. Inisip ni Robert kung ano ang kabutihang nagawa niya bilang sundalo. Nanumpa siyang pangalagaan ang mamamayan at bansa. Pero paano kung militar ang nandarahas sa mamamayan? Kapwa niya sundalo ang pumatay sa kapatid niya. Paano kung mismong gubyerno ang mangdahas ng mamamayan? Pangangalagaan pa ba niya ang ganitong gubyerno? Matagal nang naririnig ni Robert ang ganitong mga katanungan, lalo sa mga kapwa niyang opisyal ng Scout Rangers. Ilan beses siyang tumanggi noong yayain siya sa lihim na pagpupulong ng mga rebeldeng sundalo. Kamakailan lamang ay napanood niya sa lokal na istasyon ng TV na itinayo ang isang *Tirad Pass Brigade* sa hanay ng kasundaluhan sa Hilagang Luzon. Kinondena ng grupo ang pangungurakot ng mga opisyal ng gubyerno at militar. Sinabi nilang yumayaman ng todo ang mga heneral na nagpapagamit sa rehimen samantalang ang kanilang mga tauhan ay lubog sa hirap tulad ng karamihang Pilipino. Ang mga heneral at matataas na opisyal militar ang utak ng malakihang panghoholdap, pangingikil, pagkidnap, sugal, ismagling, prostitusyon at iba pang mga krimen. Nagpanawagan ang grupo na kailangang tulungan ng mga sundalo, pulis at CAFGU ang mamamayan para mapatalsik ang rehimeng Arroyo.

Pagkatapos ng libing ni Joselina, ginawa ng mga lallakay ang ritwal para ligtas na makabalik si Robert sa kanyang destino sa Mindanao. Dalawa ang silbi ng ritwal–mailayo siya sa kapahamakan at gawing

matiwasay ang kanyang kaisipan. Maliwanag sa kanya ang susunod na hakbang niya. Pagkabalik niya sa Mindanao, hahanapin niya ang mga opisyal na nagyaya sa kanya sa lihim na grupo ng mga rebeldeng sundalo. Sasama siya sa kanila. Para sa kanyang minamahal na Joselina, para sa bayan.

*(Ang kwento nina Robert at Joselina ay halaw mula sa mga tunay na pangyayari.)*

*lallakay* - matatandang kalalakihan
*payaw* - hagdang palayan o rice terraces



Dula

# KATWIRAN

*Kolektibong likha ng isang grupong pangkultura sa Bikol*



Mga Tauhan:

| | |
|---|---|
| Erning | – lidermasa ng isang organisasyon ng magniniyog |
| Sayong | – asawa ni Erning, kasama sa grupo ng magniniyog |
| Ella | – kapatid ni Erning, hindi suportado sa pinaglalaban nung umpisa |
| Rosalie | – pitong taong gulang na anak nina Erning at Sayong |
| Arturo | – seryosong kagrupo ni Erning |
| Jun | – maton na kagrupo ni Erning |
| Nilo | – mali-maling kagrupo ni Erning |
| Tonyo | – magnanakaw, lumpen sa baryo |
| Ka Mando | – kasapi ng Bagong Hukbong Bayan |
| Don Enrique Marquez | – Panginoong Maylupa |
| Alalay ni Don Enrique | |
| Tenyente Cruz | – Militar |
| Gloria | |
| Imperyalistang US | |
| Mga goons | |
| Mga tenante | |

**Unang Tagpo: Sirkus at Terorismo ng Estado**

*(Parang nasa impyerno ang tagpo kung saan demonyo ang US at tinitignan ang mapa o globo.)*

Sa loob ng sirkusan
Pinalakpakan ng mga buwaya
Ang kanilang reyna
Habang dinadasal ang hinulmang kasinungalingan
Walang patid ang hiyawan!
At ang iba'y parang mga palakang naglulundagan
Sa mga salamangka ng kanilang reyna.

Habang sa labas dumadaluyong
Ang lakas ng mamamayan
Sumisigaw ng "ilabas ang katotohanan!
Pagbayarin ang tutang pasista!
Sobrang pahirap sa masa!"
At tayong mga katoto,
Gustong bulagin at pilit inililihis ng todo
Ng mga mersenaryo't sipsip sa kanilang amo

**- Palayasin Bulaang Reyna**
Mamerto A. Mansuela

(*Pag-uusap ng impeng US at ni Gloria…*)

**US:** Mukhang hindi ka na epektibong papet, Gloria…tingnan mo ang mga Pilipino, tila sukang-suka na sa'yo! Ano kaya't gawin ko sa Pilipinas ang ginawa ko rin sa ibang bansa tulad ng sa Afghanistan…at palitan na kita! Kumukonti ang pakinabang ko sa yaman ng bansa mo dahil di mo makuntrol ang paglaban ng mga mamamayan mo!

**Gloria:** Mahal kong amo…huwag kang malupit sa akin! Ginawa ko naman lahat ng utos mo! Pinatupad ko ang mga batas sa ekonomiyang puro pumapabor sa'yo! Pati militar mo'y lantarang pinapapwesto ko sa aking bansa! Kaya lang wala na akong maikutan pa sa kasalukuyang batas para ating masaid ang yaman ng Pilipinas…mahirap ding mapatahimik ang maiingay na hinaing ng mga maliliit na taong yan!

**US:** Patayin ang pumapalag at tayo'y magcha-cha na! Bwahahaha! Pero…siguraduhin mong mapapatahimik mo sila.

Ubusin mo kung kinakailangan! At kung hindi…papalitan na kita!

**Gloria:** Huwag po, mahal kong amo! Maawa kayo sa akin! Maawa kayo sa akin! Masyadong marami ang umaalmang Pilipinong inaapi't pinagsasamantalahan natin!

**US:** Palaganapin ang takot sa isip nila! Huwag nating hayaang makita nila ang lakas nila! Hindi ba't tuso't matalino ka? Hala, magsalamangka ka! Ubusin mo ang Komunista sa'yong bayan! Ang mga Komunistang iyan ang nagiging sagabal sa lahat ng mga bansang pinagsasamantalahan ko. Sa halip na tanggapin na lang ng mga tao ang kanilang kamatayan…sa pagsipsip ko sa kanilang buhay…tinuturuan pang lumaban! Minsan na akong naisahan ng mga Komunistang iyan…di ako makapapayag na sila'y makaulit pa!

**Gloria:** Kung sa bagay…sa'yo nanggagaling ang malalakas na gamit pandigma sa buong daigdig. Ano ang binatbat ng armadong pakikibaka ng mamamayan, tiyak ang paghuthot natin ng yaman!

**US:** Palaganapin ang terorismo! Palabasin na AKO ang bida! AKO ang pinakamakapangyarihan sa lahat! Mamamatay lahat ng lalaban sa akin! Bwahahaha!

**Ikalawang Tagpo: Bayanihan sa Kanayunan**

Mga Tauhan: *Erning, Arturo, Jun, Nilo, Sayong, Ella, Rosalie*

Tagpuan: *Agunan[1]. Mga alas-10 ng umaga. Binababa ni Erning ang mga niyog mula sa pakapang[2]. Nagbubunot sina Arturo, Jun at Nilo. Nagbabaak si Sayong at nagsasalansan ng mga biyak na niyog para lutuin. Naglalaro si Rosalie.*



**Erning:** (*Tinutusok ang mga niyog*) Tres mil din ang ariya ngayon…(*Magpupunas ng pawis*) Di na rin masama… magkano ang kopras nung nagpisar[3] ka kahapon, Arturo?

**Arturo:** P16. Sa tres mil, makakadalawang libo mahigit ka rin. Buti na nga lang at may luyo-luyo[4] tayo at nabawasan ang bayarin sa trabaho…

**Jun:** Aba, aba, aba, Erning…wala ka man lang bang painom diyan at atab pa kita nagpoon[5]

kanina…aba'y alas-diyes na!

**Sayong:** Sya, maghintay ng kaunti at wala pa yung pinapahanda kong miryenda kay Ella… Rosalie! Pakitulungan mo na nga si Manang Ella mo doon. Sabihin mong gutom na si Padeng Jun at galit na.

**Jun:** Ikaw naman, Sayong. Di ka na nasanay sa malakas kong boses.

**Arturo:** Palibhasa, dating parahambog sa inuman…pero nagbago na yang si Jun simula nang maorganisa. Bihira na nga uminom. Kaya lang pabigla-bigla pa rin ang boses.

**Erning:** (*Inaayos ang mga bunot na sisilaban para sa pagluluto ng kopras.*) Kapag wastong nadidireksyunan, positibo naman ang epekto. Naalala nyo pa ba nung kumprontasyon natin kay Don Enrique?

**Jun:** (*Nagmumuwestra. Ginagaya ang isang tagpo noong nakaraang kumprontasyon. Malakas ang boses.*) "Nakita ninyong wala kaming mga armas, bakit hinaharang ninyo sa amin ang mga baril ninyo? Prinsipyado kaming pumunta dito para kausapin si Don Enrique, hindi para manggulo!"

**Nilo:** (*Magugulat sa malakas na boses ni Jun.*) Ay, manggulo ng tersyo!

**Erning:** (*Lalapit si Nilo, kukuha ng niyog.*) O, Padeng Nilo! Mukhang malalim na naman ang iniisip mo. Ako na muna diyan at magpahinga ka munang saglit.

**Sayong:** Mukhang hindi pa rin matunawan si Nilo sa patuloy na pag-iral sa tersyong partihan, ah…

**Nilo:** Kapag naaalala ko kasi yung mukha ng bundat at mayabang na Don Enrique na iyon, parang ang laki ng utang na loob natin sa kanya samantalang tayo ang nagpapayaman sa kanya! Siya nga, paupo-upo lang naghihintay ng pera. Mas malaki pa ang parte niya…buti napapayag din nating sagutin ang transportasyon at iba pang gastos…

**Jun:** Akala nya, tapos na ang laban natin? Ha! Umpisa pa lang iyon! Susunod, babaguhin na natin ang partihan, pipti-pipti awas gastos!

**Nilo:** (*Magugulat ulit sa biglang paglakas ng boses ni Jun sa dulo ng salita niya.*) Ay, gastos gabos[6]! Ano ba yan? Hindi na talaga ako nasanay at pirmi[7] pa rin ako nabibigla kay Jun… (*Tawanan lahat.*)

**Ella:** (*Papasok si Ella, may dala-dalang bilao.*) O miryenda

muna…sinukmani[8] at kape.

**Jun:** (*Pabiro.*) Mainit na nga ang panahon mainit pang ihahanda?

**Ella:** Pasalamat nga tayo at may maihahanda pa. Pwede rin namang malamig na tubig mula sa bubon[9] na lang ang inumin mo kung gusto mo ng malamig…alam mo naman tayong mga tios[10]…

**Nilo:** (*Mapapabuntong-hininga*.) Sana bumaba ang resiko[11] at tumaas naman ang presyo ng kopras…

**Ella:** Asa pa kayo! Hindi naman tayo ang kumukontrol sa presyo ng pambansang pamilihan.

**Erning:** Itong tugang[12] kong ito…kumukontra naman agad masyado. Palibhasa mas madalas pa ang luwas mo pa-Maynila kaya di mo nakikita ang iniuunlad ng kalagayan dito dahil sa organisadong pagkakaisa ng mga paralukad. Tingnan mo, ha? Nung wala pang luyo-luyo, mahigit P1,000 lang ang kinikita natin, pagod na pagod pa tayo sa trabaho. Nung may luyo-luyo na, nakaka- P2,000 na tayo at nung ikinasa ang panimulang pakikipag-usap ng mga tenante kay Don Enrique, mahigit P2,000 na ang kita natin.

**Sayong:** Syempre, kailangan din nating pangalagaan yung mga maliliit na tagumpay na yun para huwag na mabawi pa ulit mula sa atin.

**Arturo**: …habang pataas ng pataas ang kampanya. Susunod na niyan ang paggigiit ng pipti-pipti partihan awas-gastos, sabi nga ni Jun, ano, Jun?

**Jun**: Dapat lang! Aba, makatwiran pa rin naman ang hinihiling natin! Kung tutuusin, inagaw lang ng mga Marquez ang lupang ito sa ating mga ninuno!

**Nilo**: (*Magugulat ulit kay Jun.)* Ay, nuno sa punso! *(Matatapon ang kaunting kape*.) Sabi ng mga kasama, sa tagumpay kukumpiskahin, babawiin natin lahat ng lupang kinamkam at ipamamahagi para libreng bungkalin at pakinabangan ng mga nagtrabaho…

**Ella:** Hay, naku. Masarap mangarap pero kung ako lang, ayokong maiugnay sa mga NPA na yan. Mahirap na mapahamak. Ang tagal na ng rebolusyon nila, habang tayo, tios pa rin! Nagkalat nga sila sa buong Pilipinas pero hindi pa rin naman tumataas ang presyo ng kopras!

**Erning:** Hay, Ella…hindi mo pa talaga makitang bahagi tayo ng

rebolusyon, ano? Hindi tayo hiwalay sa isinusulong ng mga kasama. Hindi rin hiwalay ang laban natin sa asyenda sa laban ng mga mangongopras sa buong bansa. Ang laban ng mga mangongopras, magsasaka, mangingisda… manggagawa, tulad mo… lahat ng tios, lahat ng inaapi't pinagsasamantalahan ay magkakaugnay dahil iisang sistema ang kalaban nila, natin, kaya tayo nananatili pang ganito. Kailangan mabago ang sistema ng lipunan…pero hindi iyon madali. Hakbang-hakbang. Simulan natin sa kolektibong pagkilos sa atin, sa buong Asyenda Marquez…hanggang maging antas bayan, probinsya, rehiyon, pambansa…

**Arturo:** Hanggang mapatalsik si Goya[13] pero di pa doon nagtatapos…dahil si Goya ay papet lang na mapapalitan…kaya tuloy pa rin ang laban hanggang mapalitan na ang sistema ng lipunan.

**Jun:** Kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan! Agawin ang kapangyarihang pampulitika! Hanggang sa mamayani ang ating Demokratikong Gobyernong Bayan sa buong Pilipinas!

**Nilo:** (*Mabibiglang maaahita*.) Mabuhay!!! Ay, ano ba yan! Nadala mo na naman ako, Jun! Balik na nga tayo sa trabaho… (*Tawanan ang mga tauhan.*)

**Ikatlong Tagpo: Pangamba ng Pamilya**

Mga Tauhan: *Sayong, Erning, Ella, Rosalie, Tonyo*

Tagpuan: *Naghahapunan ang pamilya sa loob ng bahay. Bahagyang nakikita ang labas ng bahay na may manok.*

**Sayong:** Maaga pa tayo bukas magpipisar, ano, Erning? Tuloy ba yung pupuntahan mong pulong? Para saan nga ulit yun? (*Sa likod, makikitang aali-aligid si Tonyo ngunit hindi mapapansin ng pamilya. Magnanakaw ito ng manok.*)

**Erning:** Nagpaplano na kasing paghandaan yung antas bayan na kampanya sa kopras. Gustong makipagkoordina ng iba't ibang baryo para maayos ang plano ng pagkilos. Maganda nga, Ella, dito ka na muna maglagi. Tutal wala ka pa namang siguradong mapapasukan ulit pagluwas mo ng Maynila.

**Ella:** Ayos lang namang dito muna ako para matagal-tagal namang makalanghap ng sariwang hangin (*Hihinga ng malalim*.)

at hindi puro bili ang pagkain (*Sabay sandok sa ulam na ugbos balinghoy.*[14]) pero wag mo ako asahan diyan sa kampanya ninyo. Aalagaan ko na lang si Rosalie. (*Naglalaro si Rosalie habang kumakain. Bubuksan ang radyo.*)

**Radyo:** "Sa detalye ng mga balita isang miyembro na naman ng progresibong partylist ang pinatay sa bayan ng Matnog, Sorsogon. Sinasabing pauwi na ito mula sa isang kilos-protesta nang binaril ng dalawang di kilalang taong sakay ng walang plate number na motorsiklo…" (*Biglang papatayin ni Sayong ang radio.*)

**Erning:** Bakit mo pinatay yung radyo? Pakinggan natin yung balita. Grabe talaga si Goya na yan! Ang babalingan yung walang armas na panglaban! (*Tahimik na babalik si Sayong sa pwesto. Tatayo si Ella kukunin yung pamangkin.*)

**Ella:** Uminom ka na ba, Rosalie? Inom muna tayo. (*Pumunta silang kusina. Paalis na si Tonyo.*)

**Sayong:** Nag-aalala ako sa kaligtasan mo, Erning. Kailangan mo ba talagang dumalo sa pulong bukas?

**Erning:** Sadyang marahas ang estado, Sayong. Kahit naman hindi ako dumalo, di magbabago iyon. Lagi't laging nandiyan ang banta sa buhay. Kung di naman tayo kumilos, mamamatay pa rin tayo sa pagod sa trabaho o sa gutom.

**Sayong:** Naiintindihan ko yun, Erning, pero di mo naman maaalis sa akin ang mag-alala…masyado nang maraming pinapaslang.

**Erning:** Sayong, nag-iingat naman tayo sa abot ng ating makakaya… huwag ka masyadong mag-alala. (*Hahawakan ang kamay ni Sayong.*)

**Sayong:** (*Naluluha.*) Ayoko mabalo agad, Erning…

**Erning:** Magtiwala ka sa mga kababaryo natin. Tulong-tulong tayo nina Arturo, Nilo, Jun at iba pa para matiyak ang seguridad ng bawat isa. Iilan na lang naman ang wala sa organisasyon sa baryo at di pa natin tiyak ang pagkatao.

**Rosalie:** (*Tatakbo sa nanay.*) Nanay, nawawala yung manok natin!

**Ella:** Sabi ko na nga ba! Duda talaga ako sa kilos nung mamang yun! Ngayon ko lang nakita yun dito, aali-aligid, naku! Akala ko, dadaan lang papuntang kabilang baryo…





**Ikaapat na Tagpo: Pagpaslang kay Erning**
(musical)

Mga tauhan: *Don Enrique, Tenyente Cruz, Tonyo*

Tagpuan: *Sa loob ng mansyon ni Don Enrique. Nag-iinuman sina Tenyente Cruz at Don Enrique. Pakanta ang mga salita at pag-uusap ng mga tauhan.*

**Don Enrique:** Hindi ako mapalagay…yaman ng aking angkan gusto yata nilang ipamigay! Mga hampas-lupang walang pinag-aralan, ayaw tanggapin kanilang kapalaran? Sa mundong ito, ang nagpapasya ay mayayaman. Nakalimutan na ba nila na sa lupa ko nakatirik mga tahanan nila? Pipti-pipti awas gastos, mga busabos di makuntento sa limos! Walang utang na loob! Sinamantala nila ang kabutihan ng aking loob! Hindi ako mapalagay…hindi ako mapalagay…hindi ako mapalagay…

**Tenyente Cruz:** Magsasakang nagkakaisa, katahimikan, kapayapaan binabasag nila! Boses ng isa kapag dumami na, nagkaisa at nagkasama, nakabibingi sila! Kalam lang daw ng sikmura ang umpisa. Malingat ka lamang, Komunista, terorista na!

**Don Enrique at Tenyente Cruz**: Hanapbuhay? Karapatan? Repormang agraryo? Pwe! Lahat sila ay nabilog ang ulo! Organisasyong masa sa harapan, Komunistang NPA sa likuran.

**Don Enrique:** Sikmura nilang walang laman, bakit hindi natin mabayaran?

**Tenyente Cruz:** Kung hindi natin kayang bilihin, Bakit hindi nalang patayin?

**Don Enrique at Tenyente Cruz:** Kabuhayan, katarungan, rebolusyong agraryo…pwe! Lahat ng ito ay awit ng mga demonyo! Mga magsasaka sa harapan ay walang pinag-iba, sa Komunistang NPA sa likuran nila. Kamatayan lamang ang dapat kahantungan! Kamatayan lamang ang dapat kahantungan!

**Don Enrique:** Di ako mapalagay…

**Tenyente Cruz:** Di ako mapalagay…

**Don Enrique at Tenyente Cruz:** Di kami mapalagay!!!

**Tonyo:** (*Susulpot sa kung saan.*)… ang lagay…he,he,he!

**Don Enrique:** Ahh, si Tonyo…
**Tenyente Cruz:** Mabuti naman ikaw ay naparito.
**Tonyo:** Tama! Si Tonyo ang may dala ng kaligtasan sa problema ninyo.
**Don Enrique at Tenyente Cruz:** Di kami mapalagay!!!
**Tonyo**: Solb ang problema kung sa akin kayo magbibigay! He, he, he…(*Kakanta si Tonyo.*)

Mga magsasakang nagugutom, ang ulo ay matitigas
Kumukontra sa kapangyarihan, tinik sa inyong landas
Sa karapatan at hatian, sa ani ayaw malamangan
Katahimikan ay sinira, mismong gubyerno nilabanan
Tsk…tsk…tsk…



Koro: Buti na lang alaga ninyo si Tonyo
( si Hudas), si Tonyo (si Hudas)
Buti na lang alaga ninyo si Tonyo
(si Hudas), si Tonyo (si Hudas)
Sapagkat ako ang mata (siya ang mata),
ako ang tenga (siya ang tenga)
Ng mga pasista (pasista, pasista)

Magsasakang magugulo, dapat alisan ng pinuno
Kung isa-isa, mabubuwag sila
Kapag sila'y natakot, tiyak na sila'y babaluktot
Matitigil ang gulo, kapag may pinugutan ng ulo

(*Bubulungan ni Tonyo sina Don Enrique at Tenyente. Magtatawanan sila. Muling kakantahin ni Tonyo ang Koro*.)

Tiyan ko ay may laman, dahil ako'y kawatan
Bida sa inuman, lalo na sa hambugan
Mga dalaga di ligtas sa halik ni Hudas
Mga Komunista ay nauutas pagtinuro na ni Hudas!

(*Mag-to-toast sila ng alak. Tawanan sabay putok ng baril.*)

**Ikalimang Tagpo: Burol**

Mga tauhan: *mga bisita, Sayong, Ella*

Tagpuan: *Bahay nina Sayong. May ataul, mga kandila't bulaklak at litrato ni Erning. Nakatayo sa gilid ng ataul si Sayong.*

**Bisita1:** (*Kakamay kay Sayong.*) Nakikiramay…
**Sayong**: Salamat…
**Bisita2:** Nakikiramay…
**Sayong:** Salamat, salamat…
**Ella:** (*May dala-dalang trey ng biskwit. Umiikot sa mga bisita. Lalapit kay Sayong. Namumugto rin ang mata ngunit hindi naman lumuluha.*) Ate Sayong, magpahinga ka na muna. Kahit maidlip ka lang ng kaunti.
**Sayong:** Kaya ko pa naman. Magkakape na lang ako. Maya-maya lang magsisimula na ang programa. (*Papunta sa isang sulok na may timplahan ng kape.*)
**Ella:** May mga dumating mula sa ibang mga lugar na di ko naman kilala. Mga mula din daw sa organisasyon ng mga paralukad sa ibang bayan. Nakikiramay daw sila sa atin.
**Sayong:** (*Mangingiti.*) Kung makikita lang ni Erning ang bilang ng mga tao dito ngayon…
**Ella:** (*May tono ng sama ng loob*.) Kahit ilan pa silang dumating, hindi na maibabalik ang buhay ni Kuya…(*Pahina ang boses*.)
**Sayong:** Wag kang magsasalita ng ganyan, Ella. Hindi ganyan ang gustong marinig sayo ni Erning. Kung maririnig ka lang niya…
**Ella:** (*Puputulin ang salita ni Sayong*.) Hindi na niya ako maririnig kahit kailan dahil patay na siya! Kung alam ko lang na hahantong sa ganito, dapat mariin ko siyang pinigilan noon pa. Pero ano pa nga bang magagawa ko ngayon? Wala na, huli na ang lahat. Pagkabaon sa kanya sa lupang dahilan ng pagkamatay niya, uuwi na ang mga bisita niya at magpapatuloy sa kani-kanilang buhay na parang wala lang nangyari.
**Sayong:** Ella! Hindi ko akalaing ganya ang pagkakakilala mo sa Kuya mo! Nanghihinayang ka ba talaga sa buhay niya? Totoong masyadong maaga pa para mawala siya sa atin pero kailanman, hindi nasayang ang buhay ni Erning. Nabuhay siya ng makabuluhan, marangal at may paninindigan.
**Ella:** Hindi sana mapapaaga ang pagkamatay ng kapatid ko kung hindi dahil sa paninindigan na yan! Totoong lahat ng tao mamamatay, pero kahangalan ang pagbangga sa pader! Siya mismo ang naghanap ng kamatayan niya.



**Sayong:** Huwag mong isisi sa kapatid mo ang kanyang pagkamatay. Hindi masama ang kuya mo, kaya nga maraming pumunta dito…mga kababaryo natin…mga hindi natin kakilala ngunit nakilala ng kuya mo dahil sa prinsipyong ipinaglalaban, dahil sa itinataguyog niyang interes ng karamihan.

**Ella:** Bayani nga ba si Kuya Erning? (Sarkastiko.) Oo, dahil walang bayaning buhay. At kahit pa ipagpatuloy ni kuya ang kanyang pakikibaka, wala siyang magagawa para mailigtas ang mahihirap.

**Sayong:** Tama ka…

**Ella:** (*Nagtataka.*) Ha?

**Sayong:** Wala naman talaga magagawa si Erning.

**Ella:** Ate Sayong?

**Sayong:** Wala na siyang magagawa dahil patay na siya. At kahit pa buhay siya ngayon, masasayang lang lahat ng pagod at pagpupursigi nya sa dakilang adhikain nya…tulad din ng mga nauna nang nakipaglaban at namatay…hindi lang si Erning ang namatay…

**Ella:** Marami nang namatay…

**Sayong:** Totoong mawawalan ng saysay ang lahat kung walang magpapatuloy…walang magbibigay ng hustisya…

**Ella:** sa pumatay kay Kuya…

**Sayong:** …sa mga biktima ng karahasan ng estado…sa balang pinapakain sa mga nagugutom. Ella, sana makita mo ang kabuluhan ng inialay na buhay ni Erning. Hindi mo lang siya kapatid. Hindi ko lang siya asawa.

**Rosalie:** (*Tatakbo papunta kay Sayong.*) Nanay, tawag ka po ng mga tao sa labas.

**Sayong:** Hindi lang siya tatay ni Rosalie.(*Ngingiti sa anak.*)

**Rosalie:** (*Inosenteng nagkukwento.*) Nanay, sabi ng mga tao sa labas, hindi naman daw talaga patay si Tatay. Sinilip ko siya, Hindi naman talaga siya humihinga…hindi ko sila maintindihan!

**Sayong:** Hay, anak ko! (*Yayakapin si Rosalie*.) Tumingin ka na ba sa salamin? Ikaw ang tinutukoy nila!

**Rosalie:** (*Titingin sa salamin*.) Oo nga, ano? Kamukha ko si Tatay! Ha, ha, ha!!! Nanay, gagayahin ko si Tatay, ha, tingnan mo. (*Aarte.*) "Mga kasama, walang aatras! Huwag nating pairalin ang takot sa ating mga dibdib! Makatwiran ang ating ipinaglalaban. Marami tayo at malakas tayo kung tayo'y magkakaisa!"

**Sayong:** Buhay si Erning, Ella. (*Ngingiti kay Ella.*)

**Rosalie:** Buhay si Tatay!

**Ikaanim na Tagpo: Rebolusyonaryong Hustisya**

Mga tauhan: *Jun, Arturo, Nilo, Sayong, Ella, Ka Mando*

Tagpuan: *Agunan. Isang sikretong pulong ang nagaganap.*

**Arturo:** Maray na aldaw[15], mga kasama. Manay Sayong, kumpleto na tayo. Pwede na siguro tayo magpoon sa ating pulong.

**Jun:** Dapat! Kanina pa tayo naghihintay, hindi ko nga maintindihan kung bakit mo pa nasasabing maray na aldaw, namatay na nga si Padeng Erning.

**Nilo:** Pasensya na, mga kasama. Nahuli ako sa pulong. Alam nyo namang may mata sila sa baryo. Mahirap na at baka isa sa atin ang sumunod.

**Ella:** Talagang iisa-isahin kayo niyan kapag hindi kayo nagsalita! Mga kasama kayo ng kuya ko. Hahayaan nyo na lang bang ganun ang mangyari?

**Sayong:** Ella…(*Hahawakan ang kamay ni Ella*.) kaya nga nandito sila para makatulong sa atin. Para rin sa Kuya mo. Maraming salamat, mga kasama. Alam ko kung buhay lang si Erning ay matutuwa iyon at nananatili tayong matatag at nagkakaisa.

**Arturo:** Salamat, Manay Sayong. Nauunawaan namin ang nararamdaman ninyo ni Ella. Ang pagkawala ni Padeng Erning ay malaking kawalan sa ating lahat.

**Nilo:** Oo nga't lalo pang malapit na ang muling pakikipag-usap natin kay Don Enrique. Paano na tayo ngayon?

**Arturo:** Totoong si Padeng Erning ang namumuno sa ating grupo pero hindi naman niya pinapasan mag-isa. Bawat plano at

pagkilos ay kolektibo nating pinagdedesisyunan at lahat ng trabaho ay ating pinaghahatian. Ang bawat tagumpay ay nakasandig sa ating pagkakaisa. Ang pagkakaisa rin nating iyan ang magiging susi para makamit ang katarungan kay Padeng Erning.

**Nilo:** Kilala ko kung sino ang nagturo kay Kasamang Erning. Nakita ko siyang galing sa mansyon ni Don Enrique at may kainumang militar ng gabi bago barilin si Erning.

**Jun:** Talagang kilala mo dahil primohon[16] mo siya! Sobra na ang Tonyo na iyan. Ang dami na niyang krimen dito sa baryo. Siya ang nasa likod ng nakawan dito pero hindi nahuhuli ng batas.

**Nilo:** Oo nga, kamag-anak ko siya. Pero ang kasalanan niya ay dapat pagbayaran. Marami pa siyang kaso sa ibang baryo na lagpas pa sa pagnanakaw niya dito, ngayon ko na lang nalaman. Alam ko kung saan siya nagtatago.

**Arturo:** Alam naman namin, Nilo, mas matimbang sayo ang prinsipyo at katwiran. Tamang-tama at nandito na rin ang mga kasama. Tutulungan nila tayo sa susunod na hakbang.

**Ka Mando**: Mga kasama, Manay Sayong, Maray na aldaw. (*Kakamayan ang bawat isa, uupo, magpaplano.Habang mag-uumpisa na rin ang awit-galaw ng pagdakip kay Tonyo at paggawad ng hustisya.*)

(Awit ng Hustisya)
Lungsod, kanayunan, naglalagablab
Mga tinig na pinaslang, tuloy ang pagliyab
Hinasik na Terorismo ng estado
Pambusal sa kahirapan
Pagkakaisa ng masa at Partido
Sandigan para kamtin ang katarungan

Bawat buhay na inutang, pamilyang inulila
Ay aping uring babangon maggigiit ng paglaya
Bawat martir na nag-alay ng buhay
Ay punlang itinanim, dugong dumidilig
Pagyayamanin ang matabang lupa ng digmang bayan.

**Ikapitong Tagpo: Kumprontasyon**
(musical)

Mga tauhan: *Don Enrique, alalay, Sayong, Arturo, Ella, mga tenante, mga goons*

Tagpuan: *Sa mansyon ni Don Enrique at sa asyenda. Pakanta ang mga salita at pag-uusap.*

**Don Enrique:** (*Palakad-lakad, nagsisigarilyo at di mapalagay. Titingin-tingin sa orasan.*) Anong oras na…ako ba'y pupunta sa pag-uusap na sa aki'y tinakda. Pipti-pipti awas gastos, sa mga tenante, gabos! Aba'y kung hindi ba naman bastos, iginiit ang gusto ang pinisar ay kapos! (*Lalakad-lakad*.) Dalawang beses nang kakaunti ang nakuha ko. Paano nang panustos sa'king mga kapritso? Babae, sugal, alak at iba ko pang mga bisyo? Hindi ba sila natatakot dumanak ang dugo? Isa-isa silang patayin ng mga berdugo? Ha, ha, ha, ha!

**Alalay:** (*Bubulong kay Don Enrique*.) Bosing, bosing. Huwag mo kalimutan ang nangyari kay Tonyo, pinatawan ng parusa ng rebolusyunaryong hukbo. Ginawad ang hustisya sa kanilang itinatayong demokratikong gubyernong bayan daw ito.

**Don Enrique:** Hmmm…bata, mga NPA ba ang tinutukoy mo na humatol sa buhay ni Tonyo? Akala nila ipagtatanggol sila ng mga armado nilang BaHuBa[17]? Sa akin ang gubyerno, pati militar, nakikita ba nila ang kanilang lugar? (*Aastang mayabang pero mag-iisip-isip din.*)Hmmm…pero tama ka, bata. Nakakabahala din ang mga armadong iyan. Gayunpaman, nasa atin pa rin ang kapangyarihan! Hindi nila tayo maiisahan! Kahit nga tayo'y kanilang kasuhan, sa atin pa rin ang hukuman!

**Alalay:** Paano kung tayo ang hatulan ng kanilang hukumang bayan? Mapatunayang karapat-dapat na maparusahan? Inaykupo! Ayoko ng kamatayan!

**Don Enrique:** Tumigil ka, malaking duwag! Anong ginagawa ng iyong baril? Kung natatakot ka, lumayas ka sa harap ko't huwag nang magpakita! Pwe! Anong oras na nga ba? Mga bata, maghanda. Pupunta tayo sa asyenda! ( *Galaw-sayaw: paglalakbay ni Don Enrique at ng kanyang mga goons. Sasalubungin ng mga tenante na higit na marami sa kanila. Naroroon din ang pamilya ng mga tenante*.)

**Sayong:** (*Bubulong kay Arturo.*) Kasama, nakapwesto na ba ang ating milisya? Kung tayo'y putukan ng mga bantay, alertong

magmando, sunod sa plano.

**Arturo:** Tulad ng ating mga ensayo sa iba't ibang senaryo…handa at alertado ang taumbaryo. (*Mahahalata ang tensyon kay Sayong*) Magtiwala ka sa lakas ng masa. Nasa malapit lang din ang mga kasama.

**Sayong:** Laban natin ito.

**Ella:** (*Humihingal na dumating.*) Kasama ako.

**Don Enrique:** ( *Gabutil ang tumatagaktak na pawis. Magpupunas ng panyo at hihingal-hingal.*) Ang mga hampas-lupang ito! Sakit na sa ulo'y pinagod pa ako! Hah! Gusto kong ipaalam sa inyong lahat, di ako sang-ayon sa inyong kundisyon. Ginigipit ninyo ako sa inyong pagsulong ng sinasabi ninyong tamang parte lamang ng aking produkto? Ha, ha, ha, ha! Mabait na nga ako sa inyo. Hindi ba't nung una'y pumayag na akong sagutin ang ilan ninyong gastos, tulad ng transportasyon? Pati pagtitimbang ng gagamiting sako sa halip na otomatikong pagkaltas ng dalawang kilo? Ako ba'y talagang hinahamon ninyo?

**Sayong:** Teka Don Enrique, bago ka manumbat, bakit armaduhan iyong kasabwat? Itutulad mo ba kami kay Erning, sa pamamagitan ng bala patatahimikin? Lantad na sa mga balita, pagpaslang mong ginawa at ang patuloy mong pamamasista. Alam ng mundo ang aming paglaban. Masasambulat iyong karahasan! Alam namin ang aming karapatan! Paalisin iyong mga tulisan!

**Ella:** (*Kinakanta ang iniisip sa buong tagpo.*) Paano masusukat ang tapang…ng kamao't katwiran…

**Arturo:** May ilang daan ang nasa iyong harapan. Taga-suporta at pamilyahan ng iyong mga "tauhan". Makakaya mo bang kami'y ubusin, walang matitira kung kami'y barilin? Hindi mo kami nakikitang lahat. Mga bala mo ay hindi sasapat. Wala man kaming mga armas, organisado ang aming lakas! Pinatibay ng dugong inalay, desididong gapiin ang kaaway!

**Don Enrique:** (*Iikot ang mata sa mga tao. Mag-iisip-isip. Magmumuwestrang dumistansya ang mga goons.*) O sige, sige… Gusto ko lang magkalinawan. Ano bang sinasabi ninyong lehitimong katwiran? Sino ba ang may-ari nitong niyogan? Sinong magtatakda ng partihan? Hindi ba ako?

**Sayong:** Ito ang listahan ng aming trabaho, sa asyenda upang mapakinabangan mo...(*Igagalaw ng mga kasamang tenante*

*ang mga trabaho.*) Kawit. Ipon. Bunot. Baak. Luto. Tigkal. Tadtad. Kapag may hilaw, muling isasalang. Sako. Ihahatid sa engkargado. Labas pa doon ang pag-aasikaso sa paligid ng mga puno mo. Paglilinis ng mga damo at pagbabantay mula sa mga magnanakaw. Gayundin ay aming tinatamnan ng bagong puno ang iyong kalupaan. Kapalit ng aming beinte-kwatro oras na serbisyo (*Sabay-sabay na gagawin ng mga tenante sa likod ang galaw ng mga binanggit na trabaho, bumibilis at nagpapakita ng matinding lakas*.) sa marami nang henerasyon…

**Mga tenante:** (*Sabay-sabay na magsasalita.*) Hindi sasapat ang tinakda mong porsyento sa isusubo, isisilong, isusuot…ipangbabayad sa panganganak, ipangpapagamot, ipaaaral, maging ipagpapalibing… mga pang-araw-araw na pangangailangan namin at ng aming mga pamilya. Tao kami at hindi itinatapon! Humihingang makinang ngayon nagbabangon! (*Nagpapakita ng nagbabantang malakas na pwersa.*)

**Sayong:** Matustusan ang kabuhayan ng iyong mga "tauhan", kapalit ng panustos lamang sa iyong mga libangan, ito ba'y kalabisan?

**Don Enrique:** (*Kinakabahan na pero nagpapanggap pa ring matapang.*) Ah, ganun ba? E di, umalis kayo sa asyenda ko kung ayaw ninyo ng pamamalakad ko! Hindi ko kayo kailangan dito!

**Ella:** Tila di nga mapapawi ng ganap at sandali ang tunggalian ng mga uri…

**Sayong:** Anong titulo ang pinanghahawakan mo? Ito'y lupain pa ng aming mga ninunong inagawan ng angkan ninyo!

**Ella:** Mahabang panahong pananahimik… minsan nang nabasag, wag nang manumbalik…


**Sayong:** Pag-isip-isipan mo rin kung magkano ang babayaran mo sa daang ektaryang mga puno, sa nobenta anyos na trabaho sa lupang inagaw mo! Alam namin ang batas ng gobyerno mo…

**Ella:** Reaksyunaryong gobyerno para kanino? Hindi sa marami kundi sa iilang amo…

**Sayong:** Alam naming kapanig mo, pati mga sundalo…

**Ella:** Reaksyunaryo, mersenaryo! Bayaran at de susing mga sundalo! Armas ng masa'y di sasapat ang bisig at kamao! Dapat palakasin ang sariling hukbo!

**Sayong:** Kahit humantong pa sa husgado, lulutuin ang desisyon,



ipapabor sayo…

**Ella:** Sino ang tunay na huhusga?
Kaninong batas at hustisya?

**Sayong:** Kung makakaya mo pa nga ba, punuin kanilang mga bulsa?

**Mga tenante:** Hindi kami takot sa'yo, Don Enrique Marquez. Alam namin ang kayang gawin ng nagkakaisang lakas namin!

**Ella:** Mapagpasya ang malawak na masa…

**Don Enrique:** (*Magigipit…tatawag sa cellphone.*) Tenyente, bakit wala pa kayo dito?

**Voice Over—tunog radio:** Red alert ang mga detatsment at kampo ng militar sa erya. May bantang paglusob ang mga rebeldeng NPA bilang pagtugon sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas na paigtingin ang mga taktikal na opensiba…

**Sayong:** Hinihintay namin ang iyong desisyon, pirmahan ang kasulatan ng aming kahilingan.


**Don Enrique:** (*Sesenyasan ang mga goons na lumapit. Aastang tatakas. Haharang ang mga tao sa daan.*) Padaanin ninyo ako!

**Mga tenante:** Hindi ka namin sasaktan, pero hindi kami papayag na iyong lapitan, mga armado mong bayaran. Tinitiyak lang namin ang aming kaligtasan. Karahasan ay iwasan.

**Don Enrique:** (*Nagigipit na.*) Ano bang gusto ninyo?

**Sayong:** Mas mabuting ikaw ay makapagdesisyon bago lisanin ang pag-uusap ngayon.

**Don Enrique:** (*Tensyonado.*) Ahh…ehh…ano pa ba ang magagawa ko? Mas mabuti na ang pipti-pipti awas gastos (*Mahinang bubulong.*) kung tutuusin, masmalaki pa rin mapupunta sa akin…(*Babalik sa normal ang boses.*) kaysa mamrublema sa inyong pagkilos. (*Pipirmahan na ang papel. Mahinang bubulong ulit kausap ang sarili.*) Minaliit ko ang inyong paglaban…pagbabalik ko'y inyong paghandaan… (*Babalik sa normal ang boses.*) Ngayon, pwede na ba akong dumaan?



**Arturo:** Hindi ka namin gagamitan ng dahas, kayo ang may hawak ng armas! Ngunit huwag din kami ay hamunin, nang ang pag-aarmas sa pagtatanggol ay hindi namin tunguhin.

**Mga tenante:** Tagumpay!

**Ella:** Mapagpasya ang nagkakaisang hanay!

**Don Enrique:** (Makakalayo na sa mga tao.) Magsaya kayo ngayon, hindi magtatagal ako ay babangon! Ang lupang kinamkam sa maraming taon, alangang ipaubaya ko ng basta na lang ganun? Maaaring marami sila…(*Mula sa nag-aalala, babalik ang bangis sa mukha. Ilalabas ang baril.*) Hindi pa ito ang huli nating pagkikita! Tatapusin kayo ng aking mga bala! (*Magpapaputok ng baril. Mapapalingon si Ella sa direksyon ng putok mula sa gitna ng kasiyahan.*)

**Ikawalong Tagpo: Armadong Pakikibaka**

(*Isang awit-galaw ng T.O. kasama ang naging BHB na si Ella.*)

WAKAS

[1]*agunan* – pinaglulutuan ng kopras
[2]*pakapang* – paragos; kinakabit sa likod ng kalabaw para paglagyan ng inipong niyog
[3]*nagpisar* – nagsulong
[4]*luyo-luyo* – bayanihan; sama-samang paggawa na walang bayad
[5]*atab pa kita nagpoon* – maaga pa tayo nag-umpisa
[6]*gabos* – lahat
[7]*pirmi* – palagi
[8]*sinukmani* – kakanin
[9]*bubon* – balon
[10]*tios* – hirap
[11]*resiko* – kinakaltas sa timbang ng kopras
[12]*tugang* - kapatid
[13]Goya – tawag ng mga taga-Bikol kay Gloria
[14]*ugbos ng balinghoy* – talbos ng kamote
[15]*maray na aldaw* – magandang umaga
[16]*primohon* – manong; nakatatandang kamag-anak
[17]BaHuBa – BHB; Bagong Hukbong Bayan o NPA o New People's Army



# *Ikaw na nawawala*

*ni Pablo S. Guerra*



Sa araw na magkita tayong muli, ito ang mga bagay na gagawin ko.

Una, hihingi ako sa iyo ng paumanhin dahil hindi ko agad naibalik yung mga librong hiniram ko. Yung *The Making of A Filipino* ni Renato Constantino, dalawang libro ni Marx at isa kay Lenin. Hiningi mo sa akin yun bago ka pumuntang Bulacan para, wika mo, meron kang mapapaglibangan. Patawad, kasi lagi kong nakakalimutang dalhin sa school.

Pangalawa, ipagyayabang ko sa 'yo yung mga sanaysay at tulang naisulat ko tungkol sa iyong pagkawala. May lumabas sa campus paper natin at sa isang online magazine. Ang iba doon ay walang sawa kong pinagbabasa at pinagsisigaw sa mga poetry night na pinuntahan ko. At isinulat ko sa pader nung magkaroon kami ng art exhibit.

Pangatlo, ipapakilala kita sa mga naging kaibigan ko sa isang grupo ng mga artist na tumulong sa pagpapalaganap tungkol sa pagdukot sa iyo ng Armed Forces of the Philippines. At panghuli, magtetext ako sa dati nating mga housemate na magkaroon tayo ng grand reunion. Nagkaroon kami dati ng reunion nung mga kasama natin sa political party natin sa campus. Madalas tawa kami nang tawa sa kuwentuhan tungkol sa mga karanasan natin sa inupahang bahay. Ngunit pana-panahon kaming nagigitla kapag nababanggit ang pangalan mo.

Marami akong itatanong sa iyo. Noong Bagong Taon, narinig mo ba ang mga paputok mula sa paligid ng detention? May maliit bang siwang kung saan natanaw mo yung mga kislap ng kwitis sa alapaap? Namimiss mo ba yung isaw sa paborito nating manininda sa campus natin? O kaya yung mga ulam na 5 piso lang e solb na tayo?

Ito naman ang ilan sa ikukuwento ko sa yo: Alam mo ba, ang daming sumama nung nagbarikada kami sa administration hall para harangin yung tuition increase. Hinarangan namin lahat ng entrance nung bilding. Tapos, to the last minute biglang nilipat ng admin yung venue sa isang bilding. Maraming security. Pero pinasok namin yung bilding. Pero alam namin na deadlock na. Pagpasok namin sa loob, nakatakas na pala yung mga miyembro ng Board of Regents.

Alam mo ba, may sinagasaan yung driver ng chancellor natin nung sumama sya sa rali sa admin hall. Hinihiling kasi namin na irelease na ang funds ng campus paper natin. Napahiga yung sinagasaan sa hood ng kotse, pilit niyang inaangat ang mga paa nya, dahil kung hindi ay lalamunin sya ng kotse papunta sa ilalim.

Alam mo ba, nahampas sa ulo si Kuya Teddy sa




tapat ng University of Manila. Ang lakas ng tagas ng dugo. Nananawagan kami noon na palayain ka na ng mga sundalo. Ako naman, natakot, tumakbo dun sa may patahian. Itinago kami. “Huwag kayong lalabas, palitan mo yung t-shirt mong pula,” sabi sa akin nung mananahi. Bugbog sarado talaga kasi ako kung nagkataon. Bigla kasing bumulaga yung mga pulis, nasira ang compo team.

Alam mo ba, sa mga panahong katulad nito, na naaalala ka namin, nawawala ang lahat ng saya. Ang lahat ng puwang ay para sa pag-aalala.

Patawarin mo sana ako kung hanggang pagsusulat lang ang nakakayanan kong gawin sa ngayon. Patawad kung hindi lahat ng hearing sa korte ay nadaluhan ko. Patawad kung hindi kita gaanong natulungan sa thesis mo tungkol sa mga awit ng magsasaka.

Kapag nagkita tayo uli, babawi ako. Pupunta tayo sa lobby sa campus natin at walang humpay tayong magsisigaw na sa wakas ay napalaya ka na. Mag-iimbita pa ako ng mosiko mula sa amin. Magtutulaan at mag-aawitan tayo.

Hihintayin ko ang araw na iyon, mahal na kasama, kaibigan at kaklase.

# Pahayag ni Tomas Legislador Dominado, Jr. hinggil sa pagdukot at pagkawala ng kanyang asawa na si Maria Luisa Posa at ni Nilo Arado



Abril 23, 2007

Kamakailan lamang, noong Marso 28, binigyan ko ng 30 pulang rosas ang aking asawa, tanda ng 30 taon naming pagkakaisang-dibdib sa gitna ng masalimuot na pakikibaka para sa demokrasya. Sa hirap at ginhawa, magkasama kaming nakimartsa sa ating mamamayan sa 37 taong pakikipaglaban para sa kalayaan.

Magwawakas na ba ito? Kagabi (Abril 12), pwersahang dinukot ng mga ahente ng rehimeng Arroyo ang aking asawa at si Nilo Arado ng BAYAN. Binaril nila sa leeg si Leeboy Garachico ng Karapatan at iniwan siya sa pag-aakalang patay na.


Matapos ang lahat ng sakripisyo at panganib na pinagdaanan naming mag-asawa sa 15 taon naming paglaban sa diktadurang Marcos, nakaraos kami nang buhay at aktibo upang labanan naman ang nakabalatkayong diktadura ng rehimeng Arroyo. Kung ang rehimeng Marcos ay tahasang mapanupil, ang rehimeng Arroyo naman ay ni walang lakas ng loob na akuin ang sariling krimen, at may gana pang magmaang-maangan

at di tupdin ang pananagutan na mabigyang-katarungan ang mamamayan. Samantala'y kinakahon nito ang mga biktima ng pagdukot at ibinubunton sa mga kaaway nito ang bintang sa karumal-dumal nitong gawain.

Tahasan kong itinuturo ang rehimeng Arroyo at mga kampon nito sa salang pagdukot kina Maria Luisa Posa at Nilo Arado at bigong pagpaslang kay Leeboy Garachico. Dagdag pa, base sa mga pahayag ni Capt. Lowen Gil Marquez, inaakusahan ko ang 301st Brigade ng pagbibigay-katwiran sa armadong pag-atake ng estado sa iba't ibang progresibong organisasyon at mga lider nito.

Ang rehimen ang may motibo at may di-sadyang iniwan pang ebidensya ng krimen nito. Sa mismong mga pahayag ng hepe ng 32nd Civil Relations Unit na si Captain Marquez at sa bawat bukambibig niya, idinadawit niya ang mga progresibong organisasyon sa ilalim ng BAYAN at Bayan Muna, Gabriela, Anakpawis at Kabataan Party (na pinamumunuan ng mga biktima) sa Panay bilang umano'y mga iligal na bisig ng rebolusyonaryong Kaliwa. Habang ito at bawat mapanupil na hakbang ay makapagpapalaki pa sa tipak ng boto ng mamamayan para sa mga progresibong partido, isinasalang nito ang mga progresibong lider masa para paslangin ng mga lihim na ahente ng estado. Naidokumento pa nga ng rapporteur ng UN Human Rights Council ang order of battle ng AFP laban sa mga ligal na personahe at organisasyon ng Kaliwa sa ilalim ng Oplan Bantay Laya II na tumatarget sa kanila para puksain ng estado.

Sa pinakamenos, pananagutan ng rehimen ang pagpapabaya sa tungkulin at pagtatakip na nagbibigay-daan sa paglaganap ng mga krimeng iyon. Umaabot na sa 900 kaso ng pagdukot, pagpaslang at masaker ang nagaganap sa pitong taon ng rehimeng Arroyo at wala pa ni isang salarin ang nahahatulan. Ang tanging hakbang na ginagawa ng rehimen ay ang walang katapusang pag-iimbestiga na may



layuning pagbintangan ang mismong mga grupong kinabibilangan ng mga biktima at pagtakpan ang pananagutan ng mga ahente ng estado. Ito rin ang inaasahan kong mangyari sa kaso ng aking asawa at kanyang mga kasamahan.

Kalakaran na ang pagmamaang-maangan ni Capt. Marquez, ang sinasabi niyang "pag-ambus sa sarili" ng grupo mismo ng mga biktima at ang pagbabansag sa mga biktima mismo bilang mga terorista. Ang dulo ng lahat ng ito ay pagbibigay-katwiran sa sinapit ng mga biktima at pagtatakip sa krimen ng mga ahente ng estado bago pa man simulan ang mga upisyal na imbestigasyon. Hindi lamang kahina-hinala ang sobrang pag-angal ni Marquez, ipinangangalandakan pa niya ang karaniwang pagdadahilan ng mga may duguang kamay.

Ikinalulungkot kong hindi ko maasikaso nang personal ang mga kaso ng aking asawa at kanyang mga kasamahan. Masakit man ito sa akin, hindi ko maaring bigyan ng pagkakataon ang rehimen na gawin din sa akin ang sinapit ng aking asawa matapos nila akong bansagan sa mga nakaraan nilang pahayag bilang pinuno ng armadong Kaliwa. Ngunit kahit malayo ako, taglay ang panibagong lakas mula sa halimbawa ni Luisa ay tahimik, masikhay, puspusan at walang sawa kong susundan ang kanyang mga yapak na pinapula ng dugo ng ating mga martir.

Lubos kong ikinasisiya ang walang tigil at malawakang pagsisikap pa rin ng mga organisayon, kaanak at kaibigan ni Luisa na mabawi siya at makamit ang hustisya, anuman ang

kahahantungan ng mga pangyayari at sa kabila ng banta ng mga pasistang atake. Tiyak kong sa malao't madali, mapamamayani natin ang hustisya. Dahil ito naman ang hangad ng buong-buhay nating mga pagsisikap (kami ni Luisa at napakarami pang ibang aktibista at lider) ang maging mulat, organisado at may sapat na kapangyarihan ang mamamayan para kamtin ang katarungan at kapayapaan.


Hayaan ninyong isigaw ko ang labis kong dalamhati at ang matinding sakit ng loob na nadarama ng aking pamilya, ng pamilya ni Luisa, ng kanyang mga kaibigan at katrabaho. Subalit kahit papaano'y naiibsan ang lahat ng ito dahil alam naming ang gayong kirot ay isang patak lamang sa gadagat na kaapihan, pagsasamantala, gutom at kawalang-pag-asang dinaranas ng mamamayan. Ang laki ng inspirasyong nahahalaw namin sa kaalamang tiyak na makakamit ang hustisya at kapayapaan kung pag-iibayuhin lamang natin ang ating kolektibong pagsisikap para matamo ang demokrasya. Sa pamamagitan lamang ng matagalang pakikibaka para sa kalayaan natin matatamo ang ating mga mithiin na di hamak na mas mahalaga kaysa anumang nagawa natin at anumang maaaring mawala sa atin maging ang mga mahal natin sa buhay, maging ang ating mga sarili. Ang hustisya para kina Luisa at Nilo ay lubos lamang na matatamo kung makakamit ang katarungan laban sa lahat ng pang-aapi ng estado.

Maghahanda pa rin ako ng 31 pulang rosas sa susunod na taon, anuman ang kalalabasan ng kasong ito iyan ang tiyak. Muli, babaha ng mga alay na pulang rosas sa isang taon at mga susunod pang taon para sa lahat ng biktima ng panunupil at para sa ating mamamayan. Sapagkat ang malawak na larang ng hardin ay tinaniman na, bumubukad at alay sa kanilang mithiin.

*Kwentong Kusina*

# AT NAGSALITA ANG MGA BARIL

*ni* KA LINDA



Habang nahihimbing ang mga hukbo sa kani-kanilang mga duyan, di napigilan ng  basag-basag na M16 magreklamo.

“Hay, naku! Hindi talaga maingat ang may dala sa akin! Kita mo bang bumagsak na naman ako kanina at tumama pa sa bato? Nadagdagan tuloy ako ng bagong piraso.”

“Ikaw naman. Pagpasensyahan mo na si Ka Pedring. Alam mo namang baguhan lang. Masasanay din yan sa mahahabang lakaran, sa mga tinik ng makahiya sa kanyang talampakan at sa pagtawid na kaylangan ng balansehan. Ang hangaan mo ay ang desidido niyang pagsusulong ng armadong pakikibaka,” payo ng makaranasang garand.

"Sa akin nga'y ang nagbibitbit ang nagrereklamo. Aba'y ang bigat ko daw dalhin at napakapang-nayntinporgatin. Mabuti na lang at matiyaga si Ka Nestor magpaliwanag sa nagtitiyak sa akin. Alam ba niyang makasaysayang bagay ang kanyang pasan-pasan? Maraming mananakop na ang aking hinarap at dinaanan at epektibo pa rin ako ngayon sa mga labanan."

"Mabuti kamo, matiyaga mag-alaga ang mga hukbong nagtiyak sa'yo. Samantalang ako, bihirang punasan ng basahang may langis. Madali pa namang kalawangin ang aking mga magasin," sabat ng M14.

"Paano ko siya tutulungan kung di na ako pumuputok, "patuloy pa niya."

"Samantalang ako'y nasobrahan naman! Maging loob ng barrel ko'y basang-basa ng langis. Panay-panay ang kalas sa akin. Masyadong excited sa akin si Ka Hasmin," sabi ng baby M16.

"Ang karbin naman ang nagsalita. Nakaranas na ba kayo ng diskriminasyon? Ako nga daw pangbabae lang. Mabuti nga't pinatiyak ako ni Ka Leni sa machong si Ka Ramon. Nang matuwid naman ang gayong pagtingin sa kababaihan."

"Sino na nga pala ang nagtiyak kay Masinggan? Hindi ba't natamaan si Ka Densyo noong nakaraang labanan?" tanong ng mapormang M203.

"Nandun at pinagkatiwala kay Ka Toto. Kahit naman medyo patpatin iyon, malakas ang pangangatawan at kabisado gamitin ang masinggan."

"Uy, hindi lang katawan ang batayan ng pagbibitbit sa akin, ano? Kailangan din ng matibay na

ideo. Sa bigat ba naman ng mga kadena ko. Atsaka mahirap din kung ang gusto lang magdala sa akin yung nag-aambisyong maging Rambo."

Nagpatuloy ang kwentuhan. Sumali na rin ang iba pang mga baril sa pagpapahayag ng kanilang mga naiisip at damdamin.

"Ayoko na bumalik sa dati kong amo. Mabuti nang nandito ako. Ayoko nang maging instrumento ng iba't ibang Oplan ng reaksyunaryong militar at gubyerno.  Isipin mo, nariyalisa ko, may kabutihan din pala ako," ani ng isa pang M16.

"Sira! Hindi ikaw yun! Gamit ka lang, remember? Kung sino ang may dala sa'yo at kung kanino ka pinagsisilbi, iyon ang nagbibigay kahulugan sayo. Hay, ako nga feel na feel ko ang tinahing sling sa akin ni Ka Bading. Pakiramdam ko tuloy ang ganda-ganda ko!"

Hindi mapigilan magdrama ng rebolber. "Kung iba lang ang nagtitiyak sa atin, malamang hindi na ako papansinin. Dati ginagamit lang akong pangholdap ng mga bulabog sa baryo. Sinong mag-aakalang pwede rin pala akong gamiting instrumento ng hustisya?"

"Tama lang na pagsilbihan natin yung mga manggagawang lumikha sa atin katulad ng uring pinagmulan ni Ka Primo na may hawak sa akin!"

"Gayundin ang mga magsasakang nagpapakain sa mamamayan tulad rin ng uring pinagmulan ni Ka Roy na nagtitiyak sa akin! Mahalaga rin yatang may laman ang tiyan ng ating hukbo sa mga labanan!"

"Bukod pa sa lakas ng loob, mas maganda rin naman talagang maayos ang kalusugan, malakas ang

resistensya at pangangatawan ng ating mga hukbo para magampanan ang napakaraming gawain sa masa bukod pa sa mga labanan, hindi ba?"

"Halos lahat naman tayo galing sa kaaway na militar. Pero tingnan mo naman tayo ngayon! Kung dati ay nakasalalay ang batas sa taas ng kalibre at dami ng balang inilalabas, nakilala na natin kung sino ba talaga ang tunay na lakas."

"Naku! Wag lang padadala ang masa sa propaganda sa midya! Hindi naman sa atin nakasalalay ang pagwawagi nila kundi sa nagkakaisa at koordinado nilang pagkilos, kapasyahan nilang lumaban at mahusay na paggamit sa atin sa pagtatanggol at aktibong depensa."

"Kaya nga may Partido, hindi ba?"


"Sana palayain natin ang marami pang mga armas sa mga ditatsment at kampo, ano? Para maarmasan ang mga dinadahas na masang Pilipino."

"Hindi naman tayo ang magpapasya nun, e. Gamit lang tayo, remember?"

Gising mga Hukbo. Naririnig nyo ba yun?

# Huwag mag-alala

*orihinal na komposisyon*
*ng isang detenido pulitikal*



Intro: D- Bm- G- A- D
D Bm
Dugo n'yong umagos
G D
Ang dumidilig sa mga binhi
Bm F#m
Buhay n'yong inalay
G A
Magpapatibay sa aming dibdib

D Bm
Himlay na kasama
G A D
Sa pala nyo'y may humawak na
Bm F#m
H'wag kayong mag- alala
G A
Pinagpaguran nyo'y di masasayang

D Bm
Kaming mga humihinga pa
G A D
Magpapatuloy sa inyong mga nasimulan
Bm F#m
Katulong nami'y mga bagong sanga
G A
Produkto nang nabali n'yong simula

KORO:

```
D                          Bm
At kung sakali mang kami din may mabuwal
         G           A          D                     Bm
Di matutuyo kailanman ang balon nang lahing
                 G                      A
Anakpawis, na hahalili at magpapatuloy
                D  Bm        G              A
Hanggang sa ……tagumpay ng laban
```

(instrumental)
(ulitin ang koro)

BRIDGE:

```
D                       Bm
Pagkat diwa ng pakikibaka'y
G                A
Sa puso ng inyong mga anak
      D                Bm
Ay laging…………buhay
G                     A
Yumao ko'ng kasama
                               D
Huwag kayong mag- alala
```

# Pasasalamat

Ang pamatnugutan ay nagpapasalamat sa lahat ng mga kasamang tumulong upang mabuo ang isyung ito ng Ulos. Maraming salamat sa mga kasamang nag-ambag ng kanilang mga akda, drowing at dibuho: kina kasamang Andrea, Gabs, Luna, Pilar, Simon Liwanag at Luntian. Salamat sa mga kasamang nagdisenyo ng pabalat at aklat; nag-edit, nag-proofread at nagsalin: kina Sophia San Juan at Mario Mendoza. Marami sa mga drowing at akda na matatagpuan sa isyung ito ay unang lumabas sa mga rebolusyonaryong publikasyon at pangkulturang dyornal gaya ng ***Ang Bayan***, ***Dangadang*** ng Rehiyong Ilokos-Cordillera at ***Liberation International***.